بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

براهين الدين الثابت

ANG
BATAYAN
NG
TUNAY NA RELIHIYON

www.islamhouse.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

Ni :

Raed A. Capule

Isinaayos ng :

Filipino Du'at Group for Editing and Translation

Riyadh, Saudi Arabia

Unang Limbag 1427 H., 2006 CE

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa’y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa: **www.islamhouse.com**

1427 H
[3888]

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in Rabwah
Tel. 4454900 - 4916065
www.islamhouse.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: 4454900 – 4916065 تحويلة

عنوان الموقع: www.islamhouse.com

MGA NILALAMAN

PAUNAWA

Higit na pinili ng may-akda ang paggamit ng katagang **'Ang'** bilang pantukoy sa **Pangalang Pantangi** ng ating Dakilang Lumikha – **Allah** kaysa sa katangang 'Si' dahil sa mga sumusunod na kadhilanan :

Ang pangalang **Allah** ay isang **Ngalang Pantangi.** Magkagayun, tatalakayin lamang natin ang mga angkop na kataga sa mga Ngalang Pantangi.

Ang mga Ngalang Pantangi ay lagi nang nagsisimula sa malaking titik. May dalawang pantukoy lamang ang maaaring pagpilian bilang pang-una sa mga ito, ang 'Si' at ang 'Ang'.

PANTUKOY NA 'SI'

Ayon sa aklat na may pamagat na **'Balarilang Pinagaan'** na isinulat at isinaayos ng tatlong dalubhasa na pawang may Ph.D. sa larangan ng wikang Pilipino matutunghayan ang ganitong paliwanag:

'Ang pantukoy na 'Si' ay ginagamit na pang una sa Ngalang-tao. (Tingnan ang pahina 130)

Halimbawa :

1. **Si Fatima** ay anak na bunso ni Ibrahim.
2. **Si Yusof** ay sadyang mabilis sa paggawa ng mabuti.
3. **Si Muhammad** ay isang batang mapaggmahal sa magulang.

Ating mapapansin na kapag ginagamit ang pantukoy na **'Si'** ang tinutukoy nito ay **'Tao'**. Ito ang likas at karaniwang ginagamit sa pagsasalitaa at maging sa pagsulat ng sinumang marunong ng wikang Pilipino.

Bukod pa rito, ang katagang **'Si'** ay ginagamit ding pantukoy sa mga sumusunod :

1. <u>Alinmang nagsatao</u>

   Halimbawa:

   a. Nagpakita **si Anghel Gabriel** sa ganap na anyong-tao kay Birheng Maria.

   b. **Si Iblis** ay nagsatao at nagnakaw sa mga abuloy na binabantayan ni Abu Huraira.

2. <u>Binigyan ng Katauhan, Karakter o Personalidad</u>

   Halimbawa:

   a. **Si Venus** ay diyosa raw ng kagandahan. (isang planetang binigyan ng personalidad)

   b. **Si Babe** ay isang karakter sa Pelikulang Ingles. (Isang baboy na binigyan ng karakter)

   c. **Si Maria Makiling** ay diyosa raw ng kagubatan. (Isang bundok na binigyan ng katauhan)

3. <u>Mga Sinasambang May Konseptong-Tao</u>

   Halimbawa:

   a. Naniniwala ang iba na ang ama raw ni Hesus ay **si Jehova** (Ama?).

   b. **Si Yahweh** ay nilikha ang tao at kapagdaka'y nagsisi. (Nagsisi?)

c. **Si Baal** ay isang diyus-diyusan na may anyong-tao. (Anyong-tao?)

4. <u>Mga Ngalan ng Pook / Bagay / Katangian / atbp. Na ginagamit bilang Pangalan ng Tao.</u>

Halimbawa:

a. **Si Riyadh** ay naglakbay papuntang Jeddah mula sa riyadh. (Ngalan ng Pook)

b. **Si Sampaguita** ay may kakaibang istilo ng pag-awit. (Ngalan ng Bulakalak)

c. **Si Mayumi** ay anak ni mang Andoy. (Isang Katangian)

Sa mga naturang paliwanag at halimbawa, ating mapupuna na ang pantukoy na 'Si' ay ginagamit na pang-una sa anumang pangalang umuugnay sa pagiging tao – sa anyo, hugis, konsepto o pagturing.

PANTUKOY NA 'ANG'

Sa kabilang banda, ang pantukoy na **'Ang'** ay ginagamit sa mga **Ngalan Pantanging** Hindi ngalan ng Tao.

Ayon din sa nasabing aklat na may pamagat na Balarilang Pinagaan, ***'Ang pantukoy na 'Ang' ay ginagamit na pang-una sa ngalang pantanging Hindi Ngalan ng tao.'*** (Tingnan ang pahina 130)

Halimbawa :

1. **Ang Shariah** ay batas Islamiko ng mga Muslim.
2. **Ang Makkah** ay dinarayo ng mga Muslim sa panahon ng Hajj.
3. **Ang Republika ng Pilipinas** ay kabilang sa mga Bansang Asia.

Kung ating susuriing mabuti, kapag ang panatukoy na **'Ang'** ay ginagamit bilang pang-unawa sa mga ngalang pantangi, ating makikita na ang mga tinutukoy nito ay **hindi Ngalan ng Tao**. Mapupuna rin natin na ang mga karaniwang tinutukoy nito ay kadalasang **walang kasarian**.

Bilang karagdagan, ang pantukoy na **'Ang'** ginagamit din sa ibang mga Pangalan ng Allah.

Halimbawa:

Al-Khaliq – **Ang** Lumikha
Al-Rahim – **Ang** Maawain
Al-Malik – **Ang** Hari

PANG-UKOL NA 'NI' AT 'KAY'

Ang likas n akaakibat ng pantukoy na **'Si'** ay ang mga pang-ukol na **'Ni'** at **'Kay'**. Ayon din sa naturang aklat***, 'Kung pangalan ng tao, ang tagaganap ay ginagamitan ng pang-ukol na 'Ni'.*** (Tingnan ang pahina 112)

Halimbawa :

1. **<u>Si Ahmad</u>** ay kilalang mabait at makadiyos. Kaya naman, ang pitagan at paggalang **<u>kay Ahmad</u>** ay lagi nang narron. Gayunpaman, hindi alintana **<u>ni Ahmad</u>** ang mga papuri sa kanya upang malayo siya sa pagmamalaki at pagkukunwari. (Ang Pantukoy at mga Pang-ukol sa Tao.

PANG-UKOL NA ‘NG’ AT ‘SA’

Ang likas na kakibat ng pantukoy na **‘Ang’** ay ang mga pang-ukol na **‘Ng’** at **‘Sa’**. Ayon din sa naturang aklat, ***‘Kung pangngalang hindi ngalan ng tao, ang tagaganap ay pinangungunahan ng pang-ukol na ‘Ng’*** (Tingnan ang pahina 112).

Halimbawa:

1. **Ang Allah** ay lagi nang mapagpatawad. Nasa kamay **ng Allah** ang ating kaligtasan. Sa bawa’t sandali, lagi tayong humingi ng habag **sa Allah**. (Ang Pantukoy at mga Pang-ukol sa Hindi Tao)

Ang mga naturang paliwanag at mga halimbawa ay nakatulong sa pagpapasiya ng may akda upang piliin ang mga katagang **‘Ang’, ‘Ng’** at **‘Sa’** bilang pang-una sa pantanging pangalan ng Allah dahil Siya ay hindi tao at Siya ay walang kasarian.

MARAMING SALAMAT PO.

PAMBUNGAD NA PANANALITA

Ang lahat ng papuri ay sa Allah[1] ﷻ[2] lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilikha. Ako ay nagpapakupkop sa Kanya laban sa isinumpang si Satanas. Sinumang ginabayan ng Allah ﷻ, walang makapagliligaw sa kanya at sinumang hinayaang maligaw ng Allah, walang makapaggagabay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ ng walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad ﷺ[3] ay huling Sugo at Alipin ng Allah.

Una sa lahat, ako ay lubos na nagpapasalamat sa Allah ﷻ, ang Nag-iisang Tagapaglikha, sa pagbibigay Niya sa akin ng pagkakataong talakayin ang paksang ito. Layunin ng maikling babasahing ito na tuklasin ang paraan kung papaano makilala ang tunay na nag-iisang relihiyon o pamantayan ng buhay na itinakda ng Allah ﷻ sa Kanyang mga nilikha. Sa pamamagitan nito, mabibigyang-linaw ang mga nakabalot na agam-agam sa kaisipan ng tao sa kanyang pagkilala sa tunay na pananalampalataya. Ang pagsusuring ito ay hindi nangangailangan ng malalim na pagbalangkas bagkus ilang mga payak na halimbawa lamang upang madaling maunawaan. Mga simpleng pagsasalarawan nang may batayang pinanghahawakan upang maiwasan ang di makatarungang paglalahad ng magkabilang panig.

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

"O kayong mga naniniwala, magpakatatag ng dahil sa Allah ﷻ, bilang mga makatarungang saksi, at huwag hayaang ang galit at poot gg iba ay maging dahilan upang umiiwas kayo sa katarungan. Maging makatarungan! Higit na malapit ito sa kabanalan. At matakot sa Allah ﷻ, Katotohanan, lubos na batid ng Allah ﷻ ang iyong mga ginagawa." *Banal na Qur'an: Al Maidah [5]:8*

Nais ko ring bigyan ng linaw na ang paggamit ng ilang talata sa Bibliya sa aklat na ito ay hindi nangangahulugang naniniwala sa kabuuan ng Bibliya ang may akda. Ang mga talata sa Bibliya na ginamit at ginawang pang-ugnay sa paniniwala ng Muslim at Kristyano ay batay sa pananaw ng mga pantas ng Islam sa kanilang Fatwah[4]. Ang paggamit ng mga talata sa Bibliya ay binigyan ng kapahintulutan ng mga nakararaming mga Ulama[5] at ipinahayag ang ganito:

"Ang mga nakaraang kapahayagan ay dumanas ng napakaraming pagsasalin, pagdadagdag at pagbabawas, katulad ng sinabi ng Allah ﷻ sa Banal na Qur'an. Samakatuwid, ang isang Muslim ay hindi pinahihintulutan na basahin o tunghayan ang mga ito. Ang tanging pagpapahintulot ay kung ang taong gagamit nito ay may sapat na kaalaman at may hangaring ipakita kung ano ang mga pagkakamali at mga pagkakasalungatan sa Bibliya.[6]"

"….***subali't ang mga nagsasaliksik ng katotohanan na may sapat na kaalaman na may hangaring pangibabawin ang katotohanan sa kasinungalingan, ay pinahihintulutang basahin ang mga naunang kapahayagan upang ipakita ang nilalaman nitong mga***

---

[1] Ang pangtanging pangalan ng nag-iisang tunay na Diyos ay الله (Allah) ﷻ. Siya ay lumikha ng tao, jinns, anghel at lahat ng bagay na nasa mga kalangitan, kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, (nakikita at di nakikita). Nilikha rin Niya ang unang Tao na si Adan at Eba. Siya ay walang pangangailangan sa Kanyang mga nilikha. Bagkus ang lahat ay nakasandig sa Kanya. Hindi Siya ipinanganak at hindi rin nagka-anak. Siya ay walang katulad.

[2] Subhanna Wa Ta'ala (Ang Kaluwalhatian at Kataas-taasan)

[3] Sallalahu alayhi wa sallam – Nawa ay itampok ng Allah ﷻ ang pagbanggit sa kanya at iligtas siya sa ano mang kasamaan.

[4] Mga pinagkasunduang opinyon na hinango ayon na rin sa Qur'an at Sunnah.

[5] Mga pantas ng Islam

[6] Ang sagot na ito ay binigyang katugunan ng "The Permanent Committee of Scholars in Saudi Arabia (Fatawa – Musafirrun wa al-Mughtaribeen). Tinipon ni Abu Anas Ali ibn Husain Abu Lauz sa kanyang Aklat na "Common Questions from New Muslim, p. 27.

kasinungalingan o iwanan ang mga tagasunod nito ng walang kadahilanan na hindi na alamin kung bakit sila ay mali"[7]

Batay sa naturang *Fatwah,* malinaw na ang paggamit ng Biblia ay pinahihintulutan lamang sa mga may sapat na kaalaman upang mabigyang-linaw ang ilang mga di pagkakaunawaan hinggil sa pananalampalataya at mabigyan ng kasagutan. Kasunod nito, ang maingat na paggamit sa mga talata ng Biblia at mga paglalahad na kinakailangang pinatotohanan ng Banal na Qur'an. Bagaman ang mga Muslim ay naniniwala sa mga naunang kapahayagan na ipinadala ng Allah ﷻ sa ilang mga Propeta tulad ni Dawood ﷺ[8] na pinagkalooban ng Zabur, Abraham ﷺ ng Suhuf, Moses ﷺ ng Torah, at Issa (Hesus ﷺ**)** na pinagkalooban ng Injeel, tanging ang Banal na Qur'an lamang ang nananatili sa orihinal na anyo nito laban sa anumang pagbabago. Ang mga unang aklat tulad ng binanggit ng mga Ulama ay nagdanas ng malaking pagbabago, magkagayon ang paniniwala sa mga naunang kapahayagan ay ibabatay lamang sa kanilang orihinal na anyo. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga talata ng Biblia ay hindi pangunahing bagay sa pagpapaliwanag sa Islam, dahil hindi mapapasubalian na ang huling kapahayagan, ang Banal na Qur'an, at ang mga tinipong Hadeeth ng Propeta Muhammad ﷺ ay sapat na upang ang lahat ng mga katanungan ay mabigyan ng kasagutan at paglilinaw. Ang pagbubukas ng isip sa katotohanan at patnubay ay tanging sa mula sa Allah ﷻ lamang.

"at ganoon pa man Kami ay nagpadala ng mga malilinaw na Tanda; at katotohanan ang Allah ﷻ ang nagbibigay ng gabay sa nais Niyang patnubayan! *Banal na Qur'an:Al-Hajj [22]:16*

Nais ko ring bigyang linaw na ang paggamit ng salitang ***Kristiyano*** sa aklat na ito ay tumutukoy sa mga grupo na nasasaad sa Banal na Qur'an na kung tawagin ay mga Angkan ng Kasulatan.

Ang Banal na Qur'an ay nagsabi:

"Katotohanan, inyong matatagpuan mula sa tao ang mga Hudyo at Pagano ang may pinakamatinding poot sa mga mananampalataya;at inyong matatagpuan ang may pinakamalapit na pagmamahal sa mga mananampalataya ay yaong nagsasabi: Kami ay mga Kristiyano." Ito'y sa dahilang ang iba sa kanila'y mga pare at mga monghe, at sila'y hindi mapagmataas.

At kapag nakikinig sila sa pahayag na ibinaba sa Sugo, makikita mong nag-uumapaw sa luha ang kanilang mga mata dahil nakilala nila ang katotohanan. Sila'y nagsasabi: "Panginoon Namin! Naniniwala kami; kaya't itala kami sa mga saksi." *Banal na Qur'an: Al Maidah [5]:82-83*

Ang katagang **Kristiyano** ay kakatawan bilang pangkalahatang katawagan sa mga hindi Muslim at ang pinakapundasyon ng kanilang paniniwala ay ayon sa mga turo ni Hesus ﷺ**.** Gayundin naman, ang katagang **Muslim** na patuloy na gagamitin bilang katawagan naman sa mga taong sumusunod, tumatalima at sumusuko sa nag-iisang Allah ﷻ, at sila'y nasa estado ng pananalampalatayang Islam.

Bibigyan ng daan sa aklat na ito ang isang masusing pagsisiyasat sa pagkilatis o pagkilala sa isang tunay na relihiyon. Pagtutuunan din ng pansin ang mga ilang bagay na magbibigay-linaw sa pagkilala sa tunay na relihiyon. Magsasagawa tayo ng mabisang pamamaraan at katanggap-tanggap na batayan tungo sa katotohanan.

---

[7] Majmoo' Fataawa wa Rasaa'il Fadeelat al-Shaykh Muhammad ibn Saalih al-'Uthaymeen (naway kahabagan siya ng Allah), vol. 1, p. 32-33 (www.islam-qa.com)

[8] Alayhi salam

Ang mga sumusunod na paglalahad ay isang pagsisikap upang maiparating sa bawa't mambabasa ang isang maliwanag at katanggap-tanggap na pamamaraan sa pagtuklas ng isang natatangi at nag-iisang Tunay na Relihiyon. Hangad natin ang patnubay ng ating Dakilang Lumikha tungo sa isang malaya at matalinong pagtuklas ng katotohanan.



Raed Capule
Riyadh, K.S.A.

ANO ANG KAHULUGAN NG RELIHIYON?

Mahalagang isaalang-alang natin ang mga paksang dapat talakayin upang ganap nating maabot ang layunin ng aklat na ito. Bagaman maraming katanungan ang dapat bigyan ng sapat na kasagutan sa larangan ng relihiyon, pumili tayo ng ilang pundamental na paksang makapagbibigay katatagan upang higit nating maunawaan ang talakayang ito.

Ang relihiyon sa makabagong kahulugan nito ay binubuo ng tao o pangkat ng tao na naglalayong mag-alay ng debosyon at isinasaalang-alang ito bilang isang pananagutan sa isang relihiyosong paniniwala na may kaakibat na pamamaraang umuugnay sa mga relihiyosong pag-uugali, rituwal na pagsasagawa.[9] Ito ay nagsisilbing isang bahagi ng buhay ng tao na tumutugon sa kanyang ispiritual na pangangailangan at bilang isang aspeto rin ng kanyang pamumuhay sa mundong ito. Ang relihiyon ay isang napakalaking bahagi na ginagampanan sa buhay ng tao sapagka't ito ang nagiging pamantayan niya sa pagbabago ng kanyang pag-uugali at mga gawain at maging ang kanyang pag-asam na makamtan ang ispirituwal na kaligtasan. Ang paniniwala sa relihiyon ay likas na bahagi ng buhay ng isang taong nagnanasang magkaroon ng pagbabago hindi lamang sa pakikiharap niya sa makamundong galaw, higit sa lahat ang kanyang mithiing makamit ang magandang buhay pagkatapos ng kamatayan.

Sa kabilang dako naman, ang Islam ay nagbibigay kahulugan sa relihiyon sa higit na malawak na konsepto na kung tawagin sa salitang arabik ay *deen*[10]. Ang relihiyon ay bahagi lamang ng pananalampalatayang Islam sapagka't sakop nito ang isang ganap na pamamaraan ng Buhay, maging ito ay pampamilya, pangkalakalan, panlipunan, pamahalaan, pangkalikasan, agham at kaalaman, politikal, ispirituwal at relihiyon, kaisipan, atbp. Samakatuwid, ito ay isang pamamaraang ipinagkaloob ng Tagapaglikha upang mabuhay ang tao sa ilalim ng Kanyang mga batas, kautusan, at ayon sa tamang paniniwala at pagkilala sa Kanya. Bilang ganap na pamantayan ng buhay ng tao, hindi lamang nito itinataguyod ang pagkilala at pagsamba sa nag-iisang Diyos, bagkus inilalahad din sa kabuuan nito ang mga pamamamaraan ang pagpapatupad ng mga pamamaraan itong naayon sa batas ng Allah ﷻ. *Sa maikling kahulugan nito, ang pisikal at ispiritual na pangangailangan ng tao ay tinutugunan ng pananalampalatayang Islam. Taliwas sa ibang lipunan na ang pamahalaan at ang Simbahan ay magkahiwalay.* Ang Islam ay kaiba, ang batas ay mula sa Allah ﷻ at hindi batas na ginawa lamang ng tao. Ang Allah ﷻ na Siyang may likha ng tao at Siya lamang ang may lubos na kaalaman kung ano ang angkop at makabubuti sa kanyang mga nilikha. Sa katunayan, ang panlipunang batas na ipinaiiral ng isang tunay na Islamikong bansa ay hango sa Banal na Aklat ng Allah ﷻ, ang Qur'an.

Katotohanan, aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad ﷺ) ang Aklat (Qur'an) nang may katotohanan para sa (patnubay ng) sangkatauhan. Siyang tumatanggap ng patnubay pinabuti ang sariling kaluluwa; subalit siyang naliligaw ay pininsala ang sariling kaluluwa. Ni hindi ka itinalaga (O Muhammad ﷺ) bilang tagapamahala sa kanila. *Banal na Qur'an :Az-Zumar [39] :41*

Sa kapakanan ng mga mambabasa na hindi pa Muslim, gagamitin ang salitang "relihiyon" bilang pinakamalapit na kahulugan ng salitang "*deen*" upang maging payak at maunawaan ang paksang bibigyan ng daan.

[9] Mirriam Webter Collegiate Dictionary, 10th Edition
[10] Kumpletong pamamaraan ng buhay

SINO ANG TAGAPAGTATAG NG RELIHIYON ?

Sa unang paksa, naipaliwanag natin na ang tunay na kahulugan ng relihiyon ay isang pamamaraan ng buhay na ipinagkaloob sa atin ng Lumikha upang ang bawa't tao ay tumahak sa tamang landas. Sa malawak na pananaw nito, walang sinumang tao ang maaaring magtatag ng mga batas o kautusan na ganap na makatutugon sa pangunahing pangangailangan ng sangkatauhan.

Kung ang tunay na kahulugan ng relihiyon ay tamang pamamaraan ng Buhay, samakatuwid walang sinumang tao ang maaaring magtatag ng relihiyon sapagka't ang relihiyon, sa tunay na diwa at kahulugan nito, ay may lakip na batas na dapat tuparin ng isang tao.

Ang Dakilang Lumikha lamang ang may tanging karapatan na magtatag at magbigay ng relihiyon kaalinsabay ng mga batas at kautusan. At ang relihiyon (pamamaraan ng buhay) ay patuloy Niyang ipinahayag mula pa noong nilikha Niya ang unang tao-(sina Adan at Eba) hanggang sa ihayag ito sa kabuuang anyo kay Propeta Mohammad at patuloy na ipatutupad hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Sa kaisipan ng ibang tao, ang relihiyon ay maaaring itatag ng kahit na sinong tao. Sa katotohanan, kahit sinong Propeta na isinugo ng Dakilang Lumikha ay hindi mga tagapagtatag ng Relihiyon. Ang Relihiyong Kristiyanismo ay hindi itinatag ni Hesukristo, ang relihiyong Judaismo ay hindi itinatag ni Propeta Moises, ang relihiyong Islam ay hindi itinatag ni Propeta Muhammad. Ang mga Propeta ay mga Sugo lamang ng Diyos na binigyan ng karapatan at kakayahan upang isakatuparan ng tamang pamamaraan ng buhay na tinatawag nga natin sa payak na kahulugan na " relihiyon". Si Moises ay hindi nagsabi na ang kanyang relihiyon ay Judaismo. Hindi ito matutunghayan sa Lumang Tipan o maging sa kanyang orihinal na Kasulatan na Tawrat. Si Hesus ay walang sinabi na ang kanyang relihiyon ay Kristiyanismo. Walang matutunghayang salita si Hesus na tumutukoy sa Kristiyanismo. Samantala, ang Banal na Qur'an na siyang huli sa lahat ng Banal na Kasulatan ay nagpahayag na ang Islam ang tunay at tanging relihiyon sapagkat ito ay nagmula sa Kanya. Ang Islam ay hindi kathang isip ni Propeta Muhammad bagkus ito ay kanyang ipinamahagi bilang mensahe sa kanya ng Nag-iisang Diyos, ang Allah. Ang mga Propetang isinugo ng Diyos sa lupa na kinikilala ng sangkatauhan tulad ni Adan, Noah, Abraham, Lot, Ismael, Isaak, Moises, Aaron, David, Solomon, Hesus at ang huli na si Propeta Muhammad ay iisa ang dalang relihiyon. Ito ay relihiyong ng kapayapaan. Sa wikang ginamit ni Moises at Hesus, ito ay tinawag na *shalom*. Sa wikang ginamit na arabik ito ay *Islam-isang katagang hinango sa salitang salam na ang literal na kahulugan nito ay Kapayapaan, kapayapaan sa kapaligiran, kaisapan, kalooban at katawan ng sinumang naghahangad na isuko ang kanyang buong sarili sa Nag-iisang Diyos-ang Allah..*

"Katiyakan, ang (tunay) na relihiyon sa paningin ng Allah ay ang Islam (*ganap na pagtalima at pagsuko sa Kanyang kalooban****)"*** *Banal na Qur'an:Al-Imran [3]:19*

At dahil mayroon lamang isang Tanging Diyos, at iisa lamang ang pinagmulan ng tao, samakatuwid isang panuntunan o relihiyon lamang ang ipinagkaloob upang ang lahat ng tao ay magkaroon ng isa at tanging pagkilala sa kanilang Diyos. Hindi Niya binigyan ng sariling relihiyon ang mga Hudyo, at hindi rin naman binigyan ng sariling relihiyon ang mga Kristiyano at hindi rin naman binigyan ng sariling relihiyon ang mga Muslim, bagkus isang Relihiyon ang ipinagkaloob Niya para sa sangkatauhan.

"Katotohanan, Aming ipinadala ang (kapahayagan) inspirasyon sa iyo (O, Muhammad) katulad ng Aming pagpapadala ng (kapahayagan) inspirasyon kay Noah at sa mga propetang (dumating) pagkaraan niya. At Amin ding binigyang inspirasyon si Abraham, Ismael, Isaak, Hakob at ang Al Asbat (labindalawang anak ni Hakob), Hesus, Hob, Jonas, Aaron, at si Solomon at kay David ipinagkaloob ang Zabur (Psalmo). *Banal Na Qur'an:An-Nisa [4] : 163*

ANO ANG PANGUNAHING ARAL NG ISANG TUNAY NA RELIHIYON?

Ang pangunahing aral o katangian ng halos lahat ng mga relihiyon ay ang paniniwala sa iisang Diyos o ang Kataastaasang Nag-iisang Diyos na siyang Pinakamakapangyarihan at Nakakaalam ng lahat. Ang mga tagasunod ng bawa't relihiyon ay naniniwala na ang kanilang Diyos na sinasamba ay katulad ng Diyos na sinasamba ng iba at tanging ang pagkakaiba ay ang pamamaraan ng pagsamba at ang pagkilala sa pangalan Niya. Ang ganitong pananaw ay hindi tinatanggap sa Islam. Ang Islam ay nagtatakda na ang paniniwala ay may kaakibat na gawa na umaayon sa utos ng Dakilang Lumikha. Ang paniniwala sa nag-iisang Diyos, ang pamamaraan ng pagsamba at ang pagkilala sa pangalan Niya ay may tamang pamantayan at gabay na sumasang-ayon sa iisang batas na Kanyang ipinagkaloob. Ang Banal na Qur'an ay nag-aatas na hikayatin ang mga "Angkan ng Kasulatan", at magkasundo sa iisang salita hinggil sa nag-iisang Diyos:

"***Sabihin (O Muhammad ﷺ) : O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristyano)! Halina kayo sa isang salita na makatarungan sa amin at sa inyo, na wala tayong ibang sasambahin maliban sa (nag-iisang) Allah ﷻ, at hindi tayo magbibigay ng ano mang katambal Niya, at hindi tayo kukuha ng ibang Diyos maliban sa Allah ﷻ," At kung sila ay tumalikod, magkayo'y, sabihin, "Saksi kayo na kami ay Muslims"***. *Banal na Qur'an: Al-Imran [3]:64*

Ang nasabing ayat[11] ay nagbibigay diin sa bawa't Muslim na hikayatin ang mga Hudyo at Kristyano na magkaisa sa iisang paniniwala na walang dapat sambahin maliban sa nag-iisang Diyos- ang Allah ﷻ. Ipinakikilala sa talatang ito ang pagiging makatarungan sa pagkilatis ng katotohanan, at isang salita o ugnayan na kung saan ay magiging katanggap-tanggap sa bawa't panig.

Ang Kaisahan ng Allah ﷻ ay nagtatagubilin sa tao na IISA lamang ang nararapat na pag-ukulan ng pagsamba. Kasunod nito, nararapat na IISA lamang ang relihiyon na dapat tangkilikin ng tao, magkagayon, makatarungan lamang na IISA din ang pamamaraan ng pagsamba.

At sinabi ng Allah ﷻ "Huwag sumamba sa dalawang Diyos. Katotohanan, Siya lamang ang nag-iisang Diyos. *Banal na Qur'an: An-Nahl [16]:51*

Ang paniniwala sa Nag-iisang Diyos ay hindi nagtatapos sa simpleng paniniwala lamang, ang paniniwala ay pinagtitibay ng gawa at ang gawa ay nararapat na sumasang-ayon sa kagustuhan ng Nag-iisang Diyos. Samakatuwid, marapat lamang bigyan ng pansin na ang Islam ay nagtuturo ng isang paniniwala sa Nag-iisang Diyos, ang Allah ﷻ, na pinagtitibay ng gawa ayon sa kautusan ng Nag-iisang Diyos. Anumang uri ng paniniwala na walang pagsagawa ay itinuturing na walang saysay.

Sa mabilis na paglipas ng panahon ang Kaisahan ng Allah ﷻ, ang pagkilala sa IISANG relihiyon at ang iisang pamamaraan ng pagsamba ay nabahiran ng maraming pagdadagdag o pagbabawas. Nagsulputan ang iba't ibang pananalampalataya na halos lahat ay nag-aangkin na nasa kanila ang kaligtasan. Ang pagtatakda ng Allah ﷻ sa kaganapang ito ay isang pagsubok sa talino ng tao sa kanyang malayang pangangatuwiran upang malaman kung ano ang tama at mali.

ANO ANG TUNAY AT HINDI TUNAY NA RELIHIYON?

Sa kasalukuyan ay nagkalat ang napakaraming bilang ng relihiyon na umaabot na halos humigit kumulang na 20,000 kabuuan sa buong mundo. Hindi pa kasama rito ang ibang relihiyon katulad ng Hudismo, Budhismo, Zoroastrinismo at mga sekta nito. Ang mga relihiyong ito ay

[11] Talata

kalimitan nang itinatatag ng isang karismatikong lider o mangangaral na may layong "iligtas" ang tao sa impiyerno, o di kaya'y may personal na interes katulad ng pagpapayaman o maging isang maimpluwensiyang personalidad ng lipunan. Ang ilan naman ay kinilala o itinuring na isang institusyon sa dami ng mga tagasunod nito. Ang iba naman ay patuloy na nagpapakita ng mga kamangha-manghang bagay na kung minsan ay hindi kayang ipaliwanag ng kaisipan ng tao, katulad ng pagpapagaling ng mga may sakit na tinanggihan ng gamutin ng mga dalubhasang mangagamot. Nagsisilbi namang itong pag-asa ng mga taong limitado sa katotohanan, nabuhayan ng puso at walang atubili sa pagsapi sa mga nasabing relihiyon. Subali't kung ating tatanungin ang ating sarili, sa dami ng nagkalat at nagsulputang relihiyon, ano ang garantiya natin na ang relihiyong ating kinasasapian ay isang tunay na relihiyon na maghahatid sa atin sa tagumpay sa kabilang buhay? Ano ang mga pamantayan o katangian ng isang relihiyon upang masabing ito ay isang relihiyong galing sa nag-iisang Lumikha na nag-aangkin ng isang tunay na relihiyon nang walang bahid ng anumang pag-aalinlangan? Ang tunay bang relihiyon ay makikita sa dami ng tagasunod nito? Ang tunay bang relihiyon ay ang pagpapakita ng mga nakamamanghang bagay, pagpapagaling ng mga malulubhang karamdaman, mga himala na maging ang siyensya ay walang maibigay na katuwiran? Sapat ba ang pamantayang ito sa pagkilala sa tunay na relihiyon?

Ang Allah ﷻ ay nagbabala sa ganitong mga huwad na mangangaral na ito :

"***At iwanan yaong (mga taong) ginagawang laro at libangang ang kanilang relihiyon, at nalilinlang ng buhay dito sa mundong. Subalit paalalahanan (sila) nitong (Qur'an)upang ang kaluluwa'y di maharap sa kapahamakan sa sariling gawa.*** *Banal na Qur'an:Al An'am [6]:70*

"at inilagay ka Namin (O Muhammad ﷺ) sa (tamang) Landas ng relihiyon, kaya't sundan ang landas na ito, at huwag sundan ang hangarin ng mga walang nalalaman". *Banal na Qur'an:Al-Jathiyah [45]:18*

Bilang tao pinagkalooban tayo ng Allah ﷻ ng sapat na katalinuhan upang gamitin sa pagtuklas ng mga bagay hinggil sa ating pananalampalataya na maghahatid sa atin sa tagumpay sa kabilang buhay. Ang pagtatanong ay isang magandang paraan upang tuklasin ang mga bagay na hindi natin alam. Hindi ito pagpapakita ng kamangmangan, bagkus pagpapakita ng katalinuhan. Ang bawa't tanong ay pagtuklas ng kaalaman at ang bawa't kaalaman ay mabisang sandata sa kamangmangan. Sinasaliksik ang kaalaman at hindi ito kusang lumalapit. At ang malawak na kaalaman ay magbibigay ng katotohanan. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag:

"O Allah ﷻ, palawakin Mo ang aking kaalaman" *Banal na Qur'an: Al-Taha [20]:114*

Ako'y bigyan Mo ng dunong ng tunay na karunungan, yamang ako'y nagtiwala sa utos Mong ibinigay. *Salmo 119:66*

Ang relihiyon bilang pangunahing kaagapay ng tao ay nararapat na pagtuunan nang higit na pagsisiyasat tungo sa kanyang kaligtasan. Madaling sabihin ng sinuman na siya'y ligtas na. Subali't ano ang batayan ng kanyang kaligtasan? Ang unang dapat tanungin ay ang ating sarili. Ang relihiyon bang kinabibilangan ngayon ay nagsasabi ng totoo at maituturing na isang tunay na relihiyon? Ang tanong ay nagbibigay-diin sa katagang "**TUNAY"**– at dito magsisimula ang ating pagsisikap na makita ang simpleng pamamaraan sa pagbaybay ng katotohanan.

ANO ANG KAHULUGAN NG KATAGANG "TUNAY"?

Hindi kaila sa lipunan na talamak na ang paggamit ng salitang "tunay" upang ang kanilang mga layunin o pagnanais ay mabigyan ng pansin at tanggapin. Kung ikinababahala ng marami ang pag-aangkin ng bawa't samahan o organisasyon na sila ay tama, higit na dapat ikabahala ang

paggamit ng katagang "tunay" sa bawa't relihiyong itinatatag ng tao. Kung tunay nga ang lahat ng mga nagsulputang relihiyon, sadyang magbibigay ito ng kalituhan sa tao. Papaano susuriin kung alin ang tunay na relihiyon? Nararapat na siyasatin ito at bigyan ng tamang kahulugan ang katagang "tunay" upang malaman ang tunay na relihiyon.

Ang katagang "***Tunay"*** ay isang salita na nagbibigay angkop sa kahulugang tama,totoo,lehitimo,lantay o "***HINDI NAGBABAGO"***. Ano ang maibibigay na simpleng halimbawa sa kahulugang ito. Upang makilala kung tunay nga ang isang bagay, kinakailangang dumaan ito sa mga pagsubok katulad ng pagkilatis sa ginto. Kadalasa'y itinutubog ito sa isang kemikal. Kapag ang ginto, sa pagtubog sa kemikal ay nagbago, itinuturing itong **huwad.** Samakatuwid, ***ang isang bagay upang maituring na tunay, nararapat na hindi ito mahaluan, maragdagan o mabawasan. Anumang bagay na nahaluan, naragdagan o nabawasan ay nawawala sa orihinal na anyo nito at itinuturing na isang huwad dahil sa ito ay NAGBAGO.*** Sa pagbibigay natin ng isang makatotohanan kahulugan ng "tunay", magkagayon ang ibig sabihin ng isang "***tunay na relihiyon"*** ay "***hindi nagbabagong relihiyon"***. Subalit papaano natin patutunayan na ang isang relihiyon ay hindi nagbabago? Dadako tayo sa mga simpleng pagsisiyasat hinggil sa kung ano nga ba talaga ang "tunay" o "hindi nagbabagong" relihiyon. ***Ang relihiyong hindi nagbago ay isa sa katangian ng isang tunay na relihiyon na siyang kong bibigyang ng pansin sa mga susunod na pagsisiyasat.***

MGA KATANGIAN NG ISANG TUNAY NA RELIHIYON

Sa paglipas ng panahon tungo sa tinatawag na kaunlaran, ating mapupunang dumami na rin ag bilang ng mga relihiyon. Nasa kalituhan na ang maraming tao dahil sa iba't ibang konsepto, pamamaraan at paniniwala ang nagsulputan. Ang lahat ay nag-aangkin at nagsasabi na sila ang tunay. Alin nga ba ang tunay na relihiyon? Papaano ito patutunayan? Kinakailangang may pinanghahawakang batayan upang masabing tunay nga ito.

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag ng isang hamon sa sangkatauhan hinggil sa pagsasabi ng katotohanan.

"….at tawagin ang iyong mga saksi bukod sa Allah ﷻ kung kayo ang nagsasabi ng katotohanan." *Banal na Qur'an:Al-Baqara [2]:23*

Ang naturang ayat ay humihingi ng saksi bilang pagpapatoo sa kanyang sinasabi. Magkagayon kinakailangan ilahad ang saksi bilang isang mapagkakatiwalaang batayan at katibayan. Ang ganitong kaso ay katulad ng paglutas ng isang kaso sa korte. Upang mapatunayang tama at maipanalo ito, kinakailangan ang bawa't panig ay may sapat na pinanghahawakan at matibay na katibayan. Ang mga pagpapatunay ng bawa't panig ay batay sa kani-kanilang di-mapag aalinlanganang katibayan, at mga saksi na walang bahid ng pagdududa sa kanilang pagbibigay ng pahayag hanggang sa matapos ang usapin. Ano mang kaso na walang maiharap na batayan ay hindi nagtatagal sa korte kahit saglit, at kaagad itong tatalikuran ng sinumang hukom. Ganito natin ilalahad ang ating pagsusuri sa pagkilala sa tunay na relihiyon. Nararapat na may sapat na pinanghahawakang katibayan bilang pagpapatunay. Sa mga sumusunod na pagtalakay, ating ipakikilala kung ano ang **HUWAD** at ano ang **TUNAY** na relihiyon.

1. KATURUANG WALANG PAGBABAGO

Binigyang-diin sa mga naunang pahina ang ibig sabihin ng "Tunay". Ang nananatiling lehitimo,lantay at HINDI NAGBABAGO: *hindi nahaluan*, *naragdagan o nabawasan* upang manatili sa katangian niyang **tunay**.Ganito natin susuriin ang katayuan ng isang pananampalataya. Upang maituring na ito ay tunay, nararapat na **hindi nagbago *ang katuruang napapaloob dito***. At upang maging katanggap-tangap nang walang pagdududa sa

ating pagsisiyasat, nararapat na isangguni ito sa mga dalubhasa hinggil sa usaping ito. Tulad halimbawa na kung masakit ang ngipin, walang dapat lapitan kundi ang dalubhasa hinggil dito… ang ***Dentista***. Kung ang problema ay pagpapatayo ng bahay, natural lamang na lapitan ay iyong dalubhasa o eksperto dito… ***Arkitekto o dili kaya'y karpintero***. Gayundin naman sa pananalampalataya o relihiyon, kinakailangang lapitan ang mga dalubhasa o eksperto tungkol dito. Sino nga ba ang higit na dalubhasa sa bagay na ito? Mga Pari ba? Pastor ? Ministro ng simbahan? Pantas ng mga Aklat? o Mga lider ng mga relihiyon? Walang pag-aalinlangang sasang-ayunan ng nakararami na walang ibang dalubhasa tungkol dito kundi ang mga **Propeta o Sugo** na pinagkatiwalaan ng Allah ﷻ**.** Mga isinugo ng Allah sa tao upang maging tagapagpahayag ng Kanyang salita.

Katotohanan, nagpadala kami sa bawat Ummah (bansa, pamayanan) ng Sugo at nagpahayag: "Sambahin ang Allah (lamang), at layuan ang Taghut (lahat ng dios diosan, hal. Huwag sambahin ang Taghut katambal ng Allah ﷻ)". At ilan sa kanila ay ginabayan ng Allah at ang ilan sa kanila ay naligaw. At maglakbay sa kalupaan at masdan kung ano ang kinahinatnan ng mga nagtatwa sa katotohanan" *Banal na Qur'an:Al- Nahl [16]:36*

"At sa bawa't Ummah(bansa,pamayanan) ay mayroong isang Sugo: at kapag ang kanilang Sugo ay dumating, hahatulan sila nang may katarungan, at hindi sila magagawan ng pagkakamali". *Banal na Qur'an:Yunus [10]:47*

Lagi Akong nagsusugo ng Aking mga aliping Propeta upang sabihin sa inyong talikdan na ninyo ang inyong masamang pamumuhay at gawin ang nararapat. *Jeremiah 35:13*

Isang malinaw na katotohanan na ang mga Propeta ang pinagkatiwalaan ng Allah ﷻ ayon na rin sa mga kapahayagang ipinagkaloob sa kanila. Ang iba'y maaaring magsabing wala na ang mga Propeta, kaya't papaano tayo sasangguni sa kanila? Totoo ito, subali't ang kanilang mga mensahe ay patuloy nating matutunghayan sa mga pahina ng mga kapahayagang nasulat. Ating pagtutuunan ng pansin ang mga Propeta hinggil sa kanilang mga gawa, turo at ipinag-uutos. Ang pagkilatis sa isang tunay na relihiyon ay ating ibabatay sa mga mensahe ng mga Propetang ipinadala ng Allah ﷻ.

Bilang unang tao na nilikha ng Allah, si Adan ay itinuturing na unang Propeta o Sugo na ipinadala ng Allah ﷻ sa lupa. At bilang Sugo ng Allah ﷻ, pinag-utos Niya ﷻ kay Adam at sa kanyang lipi ang **PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS**. Sinabi sa Banal na Qur'an:

"At sambahin ninyo Ako, ito ang tamang landas". *Banal na Qur'an: 36:61*

Maging ang tanging aklat ng mga Kristyano ay binanggit din ang ganito:

Huwag kayong magkaroon ng ibang diyos, maliban sa akin**.** Exodus 20:3

Samakatuwid,ang unang katuruan na ating pagbabatayan nang walang labis, at walang kulang ay ang pagsamba lamang sa Nag-iisang Diyos. ***Hindi ito dapat mahaluan, maragdagan o mabawasan upang mapanatili ang pagka-orihinal nito at upang masabi itong tunay.***

Sa panahon ni Propeta Nuh ﷺ (Noah), siya ay inalipusta ng tao dahil sa pagtatayo niya ng isang malaking barko sa isang lugar na malayo na kung saan ay malayo sa dagat. Nagpahayag din Siya ng katuruang ipinag-utos ng Allah ﷻ, Ang PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS.

"Katotohanan, Aming ipinadala si Noah ﷺ sa kanyang angkan, at kanyang sinabi: «O aking angkan, Sambahin ang Allah ﷻ! Wala kayong ibang Diyos maliban sa Kanya. Katiyakan, ako ay natatakot para sa inyo sa kaparusahan sa malagim na Araw". *Banal na Qur'an: Al Aaraf[7]:59*

Maging si Propeta Abraham ﷺ ay nagpahayag din ng PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS.

"At (tandaan) nang Aming itinuro kay Abraham ﷺ ang pook na (banal) Bahay (at sinabing): "Huwag magtambal ng iba (sa pagsamba) sa Akin. At gawing sagrado ang Aking Bahay para sa mga umiikot dito, at sa mga nakatayo, at sa mga yumuyuko't nagpapatirapa sa pagdarasal." *Banal na Qur'an: Al Hajj [22]:26*

Si Propeta Musa (Moses) na pinagkalooban ng Allah ﷻ ng Torah (Batas) ay nag-uutos din sa PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS,

"At (tandaan) nang sinabi ni Moses sa kanyang angkan: "O aking angkan! Katotohanan, kayo nagkamali sa pagsamba sa baka, kayat manumbalik sa pagsisisi sa iyong Tagapaglikha, at patayin ninyo ang mga nagkasala at ito ay(higit na) mainam sa paningin ng iyong Tagapaglikha". *Kabanata Banal na Qur'an :Al Baqara [2]:54*

Sa katunayan, ang kapahayagang pinanghahawakan ngayon ng mga Kristyano ay nagsasaad sa sinasabing sampung utos ng Diyos. Na ang pangunahin ay: "***Huwag kayong magkakaroon ng ibang diyos, maliban sa Akin***." Exodus 20:3.

Ito ay nagpapatunay na ang pagsamba sa Nag-iisang Diyos ay patuloy na nanatili sa kanyang pagiging orihinal.

Ang pagpapadala kay Issa (Hesus ﷺ) ay nagpatotoo at nagpatatag pa sa mga katuruang dinala ng mga nauna pang mga Propeta sa kanya - ang PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS tulad ng binanggit sa Banal na Qur'an:

"Kailanman ay hindi ako nagsabi sa kanila maliban sa ipinag-utos Mo sa aking sabihin: Sambahin ang Allah ﷻ ang aking Panginoon at inyong Panginoon". At ako ay saksi sa kanila habang kapiling ko sila, Subali't nang itinaas Mo ako, Ikaw (O Allah ﷻ) ang saksi sa kanila, at Ikaw ay saksi sa lahat ng bagay". *Banal na Qur'an:Al Ma-i'da [5]:117*

Sa katunayan, ating matutunghayan maging sa mga talata ng Bibliya na sinabi ni Hesus ﷺ ang ganito:

Sumagot si Hesus, Ito ang pinakamahalagang utos,"Pakinggan mo O Israel! Ang Panginoon na ating Diyos – Siya lamang ang Panginoon." *Mark 12:29*

Pinatotohanan ito ng Banal na Qur'an:

"Katotohanan, Siya ang Allah ﷻ ay ang aking Panginoon at inyong Panginoon. Kaya't sambahin (lamang) Siya. Ito ang landas na matuwid." *Banal na Qur'an:Al Imran [3]:51*

Ang pinakamahalagang katuruang dinala ni Issa ﷺ (Hesus): ang PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS ay siya ring mensahe ng mga Propetang nauna sa kanya. Ito ay nangangahulugan na ang relihiyon na kanilang ipinahayag ay tunay. Walang pag-aalinlangan na silang lahat ay nag-aanyaya sa iisang pananampalatayang nagtuturo ng Pagsamba lamang sa nag-iisang Diyos.

Subali't si Hesus ﷺ ay lumisan at sa kanyang paglisan, nagkaroon ng mga bagong kaganapan hinggil sa pagbabago ng katuruan. Lumabas ang katuruang Trinidad[12] na kung saan ay nagbibigay ng aral hinggil sa tatlong persona sa iisang Diyos na lubhang pinasinungalingan ng Banal na Qur'an:

[12] Trinidad – katuruan ipinakilala at pinagtibay sa "Council of Nicea" noong 325 C.E. sa pamamagitan ng panawagan ni Emperor Constantine. Naitala na sa bilang na 2,030 na dumalo sa Konsehong ito ay 318 lamang ang tumanggap sa doktrinang Trinidad ("Al-Seerah Al-Nabawiyya", Abu Al-Hassan Al-Nadwi, p. 306).

"…at huwag kayong magsabi ng Tatlo! Itigil! Higit na makabubuti sa inyo. Sapagka't ang Allah ay Iisang Diyos. Ang Kanyang Kaluwalhatian ay may kahigtan kaysa pagkakaroon ng anak. Nasa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at ng nasa kalupaan. At ang Allah ay may kasapatan bilang tagapamahala ng lahat ng bagay." *Banal na Qur'an:An-Nisa[4]:171*

Lumabas din ang katuruang pagtubos sa kasalanan sa pamamagitan ng pagkamatay ni Hesus عليه السلام sa Krus:

Sumainyo din nawa ang biyaya at kapayapaang mula kay Hesukristo, ang tapat na saksi, ang panganay sa mga patay at ang tagapamahala sa mga hari ng lupa. Siya ang umibig sa atin at naghugas sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo*. Biblia (Pahayag 1:4-6)*

na nakakagulat na ang mismong ang Biblia ay sinalungat ang sariling pahayag hinggil sa konsepto ng pagtubos sa kasalanan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus o ng kanyang pagkamatay sa Krus:

Ang Ama ay di dapat pagdusahin sa kasalanan ng anak ni ang anak sa kasalanan ng Ama; Kung sino ang may sala ay siyang dapat magdusa. Deuteronomy 24:16

Ito ay isang patunay na hindi ito kailanman itinuro ni Jesus عليه السلام o ni Moses عليه السلام, Abraham عليه السلام o ng lahat ng Propeta ang pagtubos sa kasalanan sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo. Ang Banal na Qur'an ang nagtuwid nito at nilinaw ang pangyayari hinggil sa tunay na pangyayari sa sinasabing "pagkamatay" ni Hesus:

"At kanilang sinabi (nang may pagmamalaki), "Aming napatay ag Messiah Hesus عليه السلام, ang anak ni Maria, ang Sugo ng Allah ﷻ," ngunit hindi nila napatay, ni naipako si Jesus bagkus ang kamukha lamang niya at ibang tao ang napatay nila. Bagaman tila ganoon nga ang ipinakita sa kanila, at yaong nagtalo-talo(tungkol) dito ay puno ng pag-aalinlangan,wala silang sinusunod kundi haka-haka. Sapagka't katiyakan hindi nila siya napatay (si Jesus) anak ni Marya." *Banal na Qur'an:An-Nisa[4]:157*

Lumabas din ang katuruang manang kasalanan. Ang pagbibigay-turing kay Hesus عليه السلام bilang Diyos o anak ng Diyos. Kung ito ay bibigyan ng malalim na pag-aaral, kahi't ang Biblia ay hindi nagbibigay ng katotohanan sa mga aral na ito.

Kung isa-isa nating suriin at bigyan ng linaw kung ano ang mga katuruang ito, ating mapupuna na isa man sa mga ito ay hindi itinuro ng mga Propeta. Una, ang Trinidad ay hindi itinuro ni Propeta Adan عليه السلام, o ni Abraham عليه السلام, o ni Moses عليه السلام, o ng iba pang Propeta o maging si Hesus عليه السلام! Ang Banal na Qur'an ay nagsabi hinggil sa Trinidad:

"Katotohanan, ang mga di naniniwala ay magsasabi: Ang Allah ay ikatlo SA tatlo (Trinidad), "Ngunit walang ibang Ilah (Diyos na siyang karapatdapat na sambahin) malibang sa Iisang Ilah (Diyos – Ang Allah). At kung hindi sila titigil sa kanilang sinasabi, isang napakasakit na kaparusahan ang magaganap sa kanila." *Banal na Qur'an: Al Mai'dah [5]:73*

Ang katuruang si Hesus ay Diyos o Anak ng Diyos ito ay hindi kailanman inangkin ng dakilang Propeta na si Hesus عليه السلام.

"At (tandaan)! Ang Allah ﷻ ay magsasabi: O Hesus عليه السلام, ang anak ni Maria! Sinabi mo ba sa tao, 'Sambahin ako at ang aking ina bilang dalawang diyos bukod pa sa Allah ﷻ? Siya (Hesus) ay magsasabi: Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi ko kailanman masasabi ang wala akong karapatang sabihin." *Banal na Qur'an: An-Nisa[4]:116-117*

Ang Biblia ay naglalaman ng maraming talata sa pagtanggi ni Hesus ﵇ na siya ay Diyos o anak ng Diyos.

Sa aking sariling kakayahan wala akong kayang gawin. Juan 8:28

…at ang mga salitang aking sinasabi ay hindi sa ganang akin, bagkus sa nagsugo sa akin. Juan14 :24

Ang Ama ay HIGIT sa akin. Juan 14:28

Bakit mo ako tinawag na mabuti? Walang ibang mabuti kungdi ang nag-iisa, at walang iba kungdi ang Diyos*. Marcos 10:18*

At ang ating Panginoon, na ating Diyos, Siya lamang ang Panginoon. *Marcos 12:29;*

Sinuman ang walang pagmamahal sa akin ay hindi kailanman susunod sa aking turo. Ang salitang aking binabanggit ay hindi sa ganang akin, bagkus sa nagsugo sa akin. *Juan 14:24*

Ang Allah ﷻ ay nagbabala sa mga ito:

"O Angkan ng Kasulatan! Huwag magmalabis sa inyong relehiyon: ni magsabi ng tungkol sa Allah ﷻ maliban sa katotohanan. Si Hesus na anak ni Maria ay hindi hihigit sa isang Sugo ng Allah ﷻ at Kanyang Salita (mangyari nga! at nagkaganoon), na Kanyang iginawad kay Maria at isang Espiritu (na Kanyang nilikha) para sa kanya: kaya't maniwala sa Allah ﷻ at sa Kanyang Sugo". *Banal na Qur'an : An-Nisa [4]:171*

Ang kapahayagan na kasalukuyang hawak ng mga Kristyano ay hindi naglalaman ng malinaw na batayan sa doktrinang si Hesus ﵇ ay Diyos o Anak ng Diyos. Samakatuwid, ang katuruang ito ay hindi galing sa Diyos at hindi rin galing sa mga Propeta. Maging ang manang kasalanan na siyang pundasyon ng katuruang tinubos ni Hesus ﵇ ang kasalanan ng tao ay isang pagdaragdag at hindi katuruang dinala ng mga Propeta. Ang doktrinang ito ay pinawawalang-saysay din ng sumusunod na talata.

Ang nagkasala ang dapat mamatay. Ang anak ay di dapat magdusa dahil sa kasalanan ng ama, at ang ama ay di dapat magdusa dahil sa kasamaan ng anak. Ezekiel 18:20

Sa mga naturang paglalahad, sadyang malinaw na ang mensahe ng lahat ng Propeta ay ang PAGSAMBA LAMANG SA NAG-IISANG DIYOS. Subali't nabahiran ito ng kasinungalingan, nagkaroon ng pagdaragdag, at ang orihinal na katuruan ay nabalutan ng misteryo. Kung ang isang relihiyon ay hindi naaayon sa orihinal na katuruan ng mga Propeta, ito ay maliwanag na nagkaroon ng pagbabago. Ang pananampalatayang may doktrinang lihis sa mensahe ng mga Propeta ay hindi isang tunay na relihiyon. Kaninong katuruan ang Trinidad, pagtubos sa kasalanan, kasalanang-mana, si Jesus bilang Diyos, atbp? Galing ba ito sa Islam o sa Kristyanismo? Hindi maipagkakaila na ang mga katuruang ito ay mga doktrinang napapaloob sa pananalampalatayang Kristyanismo! Maging matapat sa pananaliksik sa katotohanan…kayo ang humusga!

Samantala sa gitna ng panahon ng kadiliman (Dark Ages) at kamangmangan, (Days of Ignorance) ang Allah ﷻ ay ipinadala ang pinakahuling Propeta at Sugo na si Propeta Muhammad ﷺ.

"Si Muhammad ﷺ ay hindi ama ng sinuman sa inyo, bagkus (siya) ang Sugo ng Allah ﷻ; ang panghuli sa mga Propeta. At may ganap na kaalaman ang Allah ﷻ sa lahat ng bagay". *Banal na Qur'an: Al Ahzab [33]:40*

At madiing ipinag-utos ng Allah ﷻ kay Propeta Muhammad ﷺ. ang ganito:

Banal na Qur'an: Al-Ikhlaas [112]:1-4

Sa Ngalan ng Allah ﷻ, ang Mahabagin ang Maawain

Ipahayag (O Muhammad ﷺ), Ang Allah ay nag-iisa

Siya ang ganap (sandigan ng lahat)

Hindi Siya ipinanganak at hindi nagkaanak

***At sa Kanya ay walang makakatulad**!"*

Ang mensaheng napapaloob sa mga talatang ito ay isang kautusan kay Propeta Muhammad ﷺ na sabihin sa tao na **"SAMBAHIN LAMANG ANG NAG-IISANG TUNAY NA DIYOS"**. Kung ating susuriin muli ang mensaheng ito na ipinadala sa huling Propeta ng Allah ﷻ, ating mapupuna na ang kanyang mensahe ay kahalintulad ng mensahe ng mga nauna mga Propeta katulad nina Propeta Adan ؏, Nuah ؏, Abraham ؏, Moses ؏, at hanggang kay Issa (Hesus ؏) ? Hindi ba't ang **PAGSAMBA SA NAG-IISANG DIYOS** ay hindi na isang bagong katuruan? Hindi ba't ang katuruang ito ay nagpapatunay na ibinalik ng huling Propeta ang katuruang hindi nagbabago at nanatiling iisang mensahe mula sa mga Propeta? Samakatuwid, kung ang katuruang pagsamba sa Nag-iisang Diyos ay dinala ng Huling Propeta na dinala rin ng mga naunang Propeta, ang relihiyong ipinahayag ng Huling Propeta ay maituturing na **TUNAY**.

Katotohanang ang **PAGSAMBA LAMANG SA NAGIISANG DIYOS** na napanatili sa ngayon ay siyang pinakapundasyon at pinamataas na antas ng paniniwala ng mga Muslim na kung tawagin sa wikang Arabik ay ***TAWHEED***[13]. At ano ang pananalampalatayang ito na siya ring pananalampalataya ng lahat ng mga Propeta? Ito ang **ISLAM**, na nagtuturo sa **KAISAHAN NG DIYOS** nang walang pagtatambal sa Kanyang Pagka-Diyos. Ang Islam ay isang **TUNAY NA RELIHIYON** na tumutugon sa unang katangian ng isang tunay at **<u>katuruang hindi nagbago</u>!**

"Nagtakda Siya ng Batas sa Relihiyon na siya ring itinagubilin Niya kay Noah, ay siyang ipinahayag naman sa iyo at siya ring itinagubilin Namin kay Abraham ؏, Moses؏ at Hesus؏:Na itaguyod ninyo ang Relihiyon, at huwag kayong maghiwa-hiwalay dito." *Banal na Qur'an: Fussilat [42] :-13*

2. **AYON SA MGA PROPETA**

Ang katangian ng isang Tunay na relihiyon ay nararapat na umaayon ito sa turo ng mga Propeta :

"Sapagka't katiyakang nagpadala Kami ng Sugo sa bawa't Ummah(pamayanan) (nang may pag-uutos). Sambahin ang Allah lamang ﷻ at talikuran ang Thagut(mga diyos-diyosan)!Mayroon sa kanila ang pinatnubayan ng Allah ﷻ, at ang iba'y naghari sa kanila ang pagkaligaw. Kaya't magsipaglakbay kayo sa kalupaan at malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagsipagtanggi (sa katotohanan)". *Banal na Qur'an :An-Nahl [16]:36*

"Hindi Namin ipinadala ang isang Sugo maliban (na magturo) sa sariling dila ng kanyang kalahi, upang kanyang maisalaysay nang maliwanag sa kanila (ang mensahe)". *Banal na Qur'an:Ibrahim [14]:4*

Gayunman, patuloy Kong sinugo sa inyo ang mga Propeta. Sinabi nila sa inyo, "Huwag ninyong gawin ang kasuklam-suklam na bagay na iyan! Subalit hindi sila nakinig; hindi nila pinagsisihan at tinalikdan ang kanilang kasamaan at patuloy rin silang nagsunog ng handog sa mga diyus-diyusan. *Jeremias 44:4*

---

[13] Kaisahan ng Allah ﷻ

Nang nilikha ng Allah ﷻ ang tao, hindi Niya ito pinabayaan. Nagpadala siya ng mga Sugo o Propeta bilang ating huwaran o tagapagpaganap ng mga kapahayagan mula sa nag-iisang Diyos. Nagbibigay sila ng magagandang balita, ng katotohanan at nagsisilbing gabay tungo sa landas ng Allahﷻ. Kung tatanggapin ng Allahﷻ ang lahat ng uri ng pamamaraan ng pagsamba, bakit pa Siya magpapadala ng mga Propeta? Ano ang saysay ng pagpapadala ng mga Propeta kung ang bawat naising pamamaraan ng tao sa pagsamba ay tatanggapin ng Allahﷻ. Upang ganap na maituring na pagsamba ang anumang gawain, nararapat na ito'y naaayon sa turo ng mga Propeta at hindi ayon sa sariling kagustuhan. Sa dahilang iisa lamang ang Diyos, nararapat na iisa lamang ang pamamaraan ng pagsamba. Ano mang uri ng pagsamba na hindi naaayon sa mga Propeta at sa utos ng Allahﷻ, ito ay hindi maituturing na pagsamba.

Kadalasan, may nagsasabing ang mga Muslim daw ay hindi naniniwala kay Hesus عليه السلام. Taliwas ito sa katotohanan dahil ang Banal na Qur'an ang nagpapatunay:

"Sabihin: Naniniwala kami sa Allahﷻ, at sa anumang ipinahayag sa amin, at sa ipinahayag kay Abrahman, Ismael, Jacob at sa mga Asbat (angkan ni Yakob) na tribo. At sa (mga Aklat) na ibinigay kina Moses, Hesus عليه السلام at mga Propeta, mula sa kanilang Panginoon. Hindi kami nagbibigay pagtatangi sa bawa't isa sa kanila. At kami ay Muslimun (sumusuko) sa Kanya (Allah). " *Banal na Qur'an: Al Imran [3]:84*

Hindi ganap ang pananampalataya ng isang Muslim kung hindi siya naniniwala kay Hesus عليه السلام bilang isa sa dakilang Propeta at Sugo ng Allahﷻ. Ito ay walang pag-aalinlangang dahil ang Banal na Qur'an mismo ang nagpapatunay nito. Ang diksyonaryo ay nagbibigay kahulugan sa salitang "Kristyanismo." Ito ang "paniniwala sa turo at aral ni Hesus عليه السلام o isang disipulo, ang ibig sabihin ay tagasunod ni Hesus[14] عليه السلام". Ito ngayon ang ating pagtutuunan ng pansin. Sino nga ba ang higit na naniniwala kay Hesus عليه السلام, Muslim ba o Kristiyano? Ang paglilinaw hinggil sa sino ang naniniwala at sumusunod kay Jesus ay ating ibabatay sa mga aral at gawa ni Jesus sa panahon ng kanyang pananatili sa lupa. Ito ay bilang paglilinaw lamang sa paniniwala ng iba na hindi raw naniniwala kay Jesus ang mga Muslim. Narito ang ilang halimbawa.

UNA: ANG PAGBATI NG "KAPAYAPAAN SA ISA'T ISA"

Sa pangangaral ni Hesus عليه السلام, kanyang sinasabi na magbatian kayo ng kapayapaan sa isa't isa.

"…at dumating si Hesus عليه السلام at tumayo sa gitna nila. Sumasainyo ang kapayapaan!"

Kung si Hesus عليه السلام ay nagpapahayag ng kapayapaan,magkagayo'y dapat magpahayag din ng pagbati ng kapayapaan ang bawa't isang tagasunod niya. Subalit, hindi maipagkakaila na ang pagbati ng mga Kristiyano sa isa't isa ay kalimitang "*Kumusta", "Magandang gabi o hapon po", "Anong Balita", "Saan ang tungo", "Hi o Hello"* o dili kaya'y sa pamamagitan na lamang ng pagtango o pagkaway. Ginawa na ba ng mga Kristyano na kapag nagsalubungan ay nagbabatian ng "***Kapayapaan nawa** ay mapasainyo"* bilang pagsunod at pagsasabuhay sa mga aral ni Hesus عليه السلام? Sadyang mabibilang kung mayroon man! Sa kabilang dako, ang mga Muslim magkakilala man o hindi, kapag nagkatagpo o nagsalubong, sila ay nagbabatian ng "***As salamu alaykum***", na ang ibig sabihin ay "***kapayapaan nawa'y sumaiyo***". Ang katangiang ito ng mga Muslim ay hindi mapapasubalian. Sino ngayon ang higit na nakatutugon sa mga aral ni Hesus عليه السلام sa pagbati ng kapayapaan - Kristiyano ba o Muslim? Kayo na rin ang makapagsasabing Muslim ang nakatutugon sa aral na ito ni Hesus عليه السلام.

[14] Mirriam Webster Collegiate Dictionary, 10th Edition

Isa sa mga katuruan sa Islam hinggil sa pagbati ng kapayapaan ay nagtatagubilin ng ganito: Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi

Iniulat ni Abu Hurayrah: ang Propeta Muhammad ay nagsabi, "Hindi ka papasok ng Jannah[15] hangga't hindi ka naniniwala, at hindi ka naniniwala hanggang hindi kayo nagmamahalan sa isa't isa. Gusto mo bang ituro ko sa inyo ang isang bagay na kapag inyong ginawa – ay magmamahalan kayo sa isa't isa? Magbatian kayo ng "kapayapaan" sa isa't isa."[16]

At sa isa pang pag-uulat mula kay Abdullah ibn Amr: ang isang lalaki ay lumapit sa Propeta at nagtanong, "Ano ang pinakamainam sa Islam?" Ang Propeta ay sumagot, "Ang magpakain ng nagugutom at magbigay ng Salam sa mga kakilala at hindi kakilala."[17]

PANGALAWA: PAGHUHUGAS BAGO MAGDASAL AT PAGPAPATIRAPA

Nasasaaad din sa mga talata ng Bibliya na si Hesus ﵇ ay nagpakita ng kababaang-loob. Sa kanyang pamamaraan ng pagsamba sa nag-iisang Diyos, nagsasagawa siya ng mga rituwal katulad ng paghuhugas ng kamay at paa at siyay nagpapatirapa sa kanyang pagdarasal

At siya (Si Hesus ﵇) ay dumako pa roon, at nagpatirapa, at nanalangin. Mat. 29:39

Ang pagsasagawa ng paghuhugas ng paa at kamay bago magdasal at ang pagpapatirapa sa pagdarasal ay hindi ginagawa ng mga Kristiyano. Bagkus ito ay isinasagawa ng mga tagasunod ng pananampalatayang Islam.

Ang Banal na Qur'an ay nagsabi:

"At tumindig sa Salah (Pagdarasal), magbigay ng Zakah (itinakdang taunang kawanggawa), at yumuko kasama ng mga nagsisipagtirapa (sa pagsamba)". *Banal na Qur'an:Al-Baqara [2]:43*

"O kayong mananampalataya! Kung kayo'y naghahanda sa pagdarasal, hugasan ang inyong mukha, at ang inyong mga kamay (braso) hanggang sa siko; at haplusin ang inyong ulo (ng tubig) at (hugasan) ang inyong paa hanggang sa bukong-bukong. Kung kayo ay nasa karumihan (nakipagtalik sa asasa); paliguan ang buong katawan. Subali't kung kayo ay may sakit o nasa paglalakbay, o galing kayo sa palikuran, o nakipagniig sa inyong mga asasa, at wala kayong matagpuang tubig, magkagayon, kumuha para sa inyong sarili ng malinis na alabok o lupa at ihaplos ito sa inyong mga mukha at kamay. Hindi nais ng Allah ﷻ na ilagay kayo sa paghihirap bagkus nais Niyang linisin kayo at upang gawing ganap ang Kanyang tulong sa inyo nang sa gayo'y maging mapagpasalamat kayo." *Banal na Qur'an : Al-Maidah [5]:6*

Sa ganitong uri ng pamamaraan sa pagdarasal, sino ang nakasusunod sa gawa ni Hesus ﵇, Muslim ba o Kristyano? Sagutin ito nang malinis at tapat sa puso kung kayo nga ay makatotohanan!

PANGATLO : ANG PAGBABAWAL SA PAGKAIN NG KARNE NG BABOY

Bago pa man ipinadala si Propeta Hesus ﵇ ay isinugo na si Propeta Moses na pinagkalooban ng mga batas o kung tawagin sa Arabik ay Tawrat. Ang kapahayagan hinggil sa pagbabawal ay matutunghayan din sa mga kapahayagan pinaniniwalaan ng mga Kristyano at ang mga batas na ito ay matutunghayan sa Lumang Tipan na kung saan ang limang aklat ni Moses ay

[15] Pinakamalapit na pagsasalin sa tagalog - Paraiso
[16] Sahih Muslim
[17] Al-Bukhari at Muslim

matatagpuan, ang Genesis, Leviticus, Numbers, Deutoronomy at Exodus. Si Propeta Hesus ay isang propeta na nagpapatibay sa mga batas na dala dala ni Moses. At matutunghayan sa Mateo 5 :17-18 ang ganito :

"Huwag ninyong akalaing naparito ako upang pawalang-bisa ang Kautusan at ang aral ng mga Propeta. Naparito ako, hindi upang pawalang-bisa kundi upang ipaliwanag at tuparin ang mga iyon. Tandaan ninyo ito: magwawakas ang langit at ang lupa, ngunit kahit ang kaliit-liitang bahagi ng Kautusan ay hindi mawawalan ng bisa hangga't hindi nagaganap ang lahat."

Ang banal na Qur'an ay naglahad na sinabi ni Hesus عليه السلام :

"At sa kanilang mga yapak, Aming ipinadala si Hesus عليه السلام, ang anak ni Maria, na nagpapatunay sa Torah na unang dumating sa kanya, at ipinagkaloob Namin sa kanya ang Injeel (Ebanghelyo), na ang gabay at ilaw at pagpapatunay ng Taurat (Torah) na nauna pa dito, gabay at paala-ala sa mga Al-Muttaqun (mga taong may takot sa Allah)" *Banal na Qur'an: Al-Maidah [5]:46*

Nasasaad dito na walang binago si Hesus عليه السلام sa mga naunang batas na dinala ng mga naunang Sugo sa kanya. Pagpapatunay na si Hesus ay nagpapatotoo at nagpapatupad sa mga naunang batas na dala ni Moses عليه السلام.

Ang baboy, ito ay nakakarimarim, ni hipuin (ang balat) o kainin ito ay ipinagbabawal sa inyo. *Leviticus 11:13-14*

Ipinag-uutos na bawal na kainin ang karne ng baboy o ang paghipo sa balat nito ay ipinagbawal din. Sa maikling salita, ang katuruan dala ni Propeta Moses ay sinangayunan ni Hesus عليه السلام na ang pagkain sa karne ng baboy ay mahigpit na ipinagbabawal. Magkagayunman, naging karaniwan na sa hapag kainan ng mga Kristiyano ang karne ng baboy, isang nakalulungkot na pagsuway sa mga aral ni Moses na pinagtibay ni Hesus عليه السلام. Samantala, ang mga Muslim ay tahasang hindi kumakain ng baboy. Isang pangangantiyaw pa nga ng ilan na dini-diyos daw ng mga Muslim ang baboy kaya hindi nila ito kinakain. Isa itong malaking kasinungalingan at kalapastangan sa mga sumusunod sa aral ng mga Propeta. Nagpahayag ang Allahﷻ kay Propeta Muhammad ﷺ sa Banal na Qur'an:

"Ipinagbawal lamang sa inyo ang maidah (patay na hayop) at dugo, at ang laman ng baboy, at sa mga kinatay na inialay sa iba bukod pa sa Allahﷻ. Subalit kung isa sa inyo ay napilitan dahil sa pangangailangan nang walang kusang pagsuway, ni suwayin ang hangganan, magkagayo'y wala siyang kasalanan. Sapagka't ang Allahﷻ ang laging mapagpatawad, ang Mahabagin" *Banal na Qur'an : Al-Baqara[2]:173*

Sa katunayan, maging ang mga dalubhasa sa larangan ng medisina ay nagpapatunay na ang baboy ay isang uri ng hayop na nagbibigay panganib sa kalusugan ng tao dahil sa mga sakit na maaaring idulot nito. Sino ngayon ang nakasusunod sa utos ng mga Propeta tungkol sa baboy, Muslim ba o Kristiyano?. Sagutin nang malinis at tapat sa puso kung kayo nga ay makatotohanan!

PANG-APAT: PARAAN NG PAGSAMBA

Bigyang-pansin natin ang nangyari kay Propeta Moses nang siya ay pagkalooban ng Allahﷻ ng batas sa bundok ng Sinai. Dito naisalarawan na nakipagtipan siya sa Allahﷻ. Binanggit din dito na inutusan siya ng Allahﷻ na alisin ang kanyang sapin dahil ang kanyang kinatatayuang lugar ay banal.

"Katotohanan Ako ang iyong Panginoon! Magkagayon alisin mo ang iyon sapin; ikaw ay nasa banal na lambak ng Tuwa[18]." *Banal na Qur'an: Ta-ha [20]:12*

Ganoon nga ang ginawa ni Moses, nag-alis ng sapin, naghugas at umapak sa tinatawag na banal na lugar. Ano ang kahalagahan at kaugnayan nito sa ating tinatalakay? Ang kahalagahan nito'y ang kautusang galing sa Diyos na dapat na ipatupad. Hindi lingid sa atin na wala pang Kristiyanong pumasok sa simbahan, na tinatawag na banal na tahanan ng Diyos, na nag-alis ng kanyang sapin, sapatos o tsinelas sa dakong pintuan nito. Bilang isang dating Kristiyano, wala akong nakita ni isang Kristiyano na pumasok sa tinatawag na banal na tahanan ng Diyos na nag-aalis ng kanyang sapin, sapatos o sinelas sa dakong pintuan ng simbahan. Bukod pa dito walang paghuhugas na isinasagawa. Samantala, kapuna-puna na kapag pumasok sa tahanan, unang-unang inaalis ang sapatos o sinelas dahil maaaring makarumi ito sa sala o bahay. Alin ba ang higit na banal, ang bahay ba o ang simbahang itinuturing nilang banal na tahanan ng Diyos? Ito ba'y bukang-bibig na lamang? Hindi tumutugma ang sinasabi sa ginagawa!. Sa kabilang banda, ang mga Muslim ay inaalis ang kanilang mga tsinelas o sapatos sa may pintuan sa kanilang pagpasok sa Masjid. Bukod pa ito sa itinakdang «Ablution» (paghuhugas) bago magdasal. Muli nating tanungin ang sarili! Sino ang nakasusunod sa turo ng mga Propeta pagdating sa mga dapat gawin bago pumasok sa mga pook dasalan, Muslim ba o Kristiyano? Sagutin nang malinis at tapat sa puso kung kayo nga ay makatotohanan!

Sa mga naipaliwanag hinggil sa isang katangian ng tunay na relihiyon, nararapat lamang magtanong sa sarili, magsuri at buksan ang malayang kaisipan. Kung ang pananampalatayang kinabibilangan ngayon ay pumapasa sa pagsusulit.

Ang Banal na Qur'an ay nagsabi hinggil kay Hesus ﵇:

"At nang dumating si Hesus ﵇ na may (dalang) maliwanag na tanda, kanyang sinabi: Dumating ako sa inyo nang may banal na talino at upang linawin sa inyo ang mga bagay na inyong pinagtatalunan; magkagayon, matakot sa Allah ﷻ at sundin ako". *Banal na Qur'an:Az-Zukhruf [43]:63*

Sino nga ba ang higit na tagasunod ng mga Propeta o ni Hesus ﵇? Muslim o Kristyano?

3. SAKOP ANG LAHAT NG PANAHON

"At ito ang ipinag-utos ni Abrahman sa kanyang mga anak, at gayundin ni Jacob; O aking mga anak! Pinili ng Allah ﷻ sa inyo ang pananampalataya; kaya't huwag mamatay maliban sa pananampalatayang Islam". *Banal na Qur'an:Al-Baqara [2]:132*

Ano ba ang ibig sabihin ng Islam? Ito ay hango sa wikang Arabik na salitang-ugat na "Salam" na ang kahulugan ay kapayapaan. Sa pangrelihiyong kahulugan, ito ang pagsuko, pagtalima at pagsunod sa nag-iisang tunay na Diyos. Sa madaling salita, sinuman ang sumusunod, sumusuko at tumatalima sa nag-iisang tunay na Diyos, siya ay nasa estado ng pananalampalatayang Islam. Katulad ng ipinaliwanag sa mga naunang pahina, ang Islam ay hindi lamang isang relihiyon, bagkus isang panuntunan ng buhay na pinili ng Allah ﷻ para sa Kanyang mga nilikha. Ang Islam ay naroon na sa simula't simula. Bago pa man likhain ang tao, nagsilitawan na ang ibang nilalang bilang katuparan sa kagustuhan na Allah ﷻ. Lahat ay sumusunod sa kalooban ng Allah ﷻ maging hayop, buntala, halaman, insekto, kabundukan, atbp.[19] Sino man ang sumusuko sa kagustuhan ng Nag-iisang tunay na Diyos, siya ay

[18] Isang maliit na burol sa ibaba ng bundok ng Sinai na kung saan niya tinanggap ang Torah.

[19] Ang tao sa kanyang pisikal na pangangatawan ay kusang sumusunod sa Allah. Hindi siya makapamili ng lahi at magulang. Siya ay marunong ng sumuso sa ina sa pagsilang pa lamang. Gagapang, tatayo at lalakad hanggang sa siya ay tatanda at mamamatay. Wala siyang ibang pagpipilian kundi sumunod sa itinakdang tadhana sa kanya ng Allah. Gayunpaman, binigyan tayo ng Allah ng kalayaang sumusod o sumuway sa kanyang kagustuhan hinggil sa pamamaraan ng buhay.

masasabing tunay na Muslim at may pananalampalatayang Islam. Ang lahat ng Propeta ay Muslim at ang kanilang mensahe… ay Islam, ang pagsamba lamang sa Nag-iisang tunay na Diyos, ang Allahﷻ

"Sapagka't katiyakang nagpadala kami ng Sugo sa bawa't bansa (nang may pag-uutos). Maglingkod sa Allahﷻ at talikuran ang kasamaan! Mula sa tao may iilang pinatnubayan ng Allahﷻ, at ang iba'y di mapigilan na maghari sa kanila ang kasamaan. Kaya't magsipaglakbay kayo sa kalupaan at malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagsipagtanggi (sa katotohanan)". *Banal na Qur'an: An-Nahl [16]:36*

Pinatunayan din ng Banal na Qur'an na si Propeta Abraham ﷺ, na kilala bilang Ama ng lahat ng Propeta, ay isang Muslim.

"Si Abraham ﷺ ay hindi isang Hudyo ni isang Kristiyano, bagkus isang matuwid na Muslim (sumusunod, sumusuko at tumatalima sa Allah ﷻ)" *Banal na Qur'an:Al-Imran [3]:67*

Muli, ano ang kahalagahan nito sa ating tinatalakay? Malaki ang kahalagahan nito dahil ang isang relihiyon ay nararapat na ganito ang isang katangian, na sakop nito ang lahat ng panahon, simula pa lamang sa unang tao, sa kasalukuyan, sa darating na bukas at sa huling araw. Ang tunay na relihiyon ay sakop ang lahat ng panahon, simula pa sa unang tao, sa kasalukuyan, at sa huling araw. Suriin natin ang ilang mga bagay-bagay hinggil dito. Bigyan natin ng pansin kung papaano naging isang Kristiyano ang isang tao. Isang ritual na sa pananalampalatayang Kristyanismo na kapag may sapat nang panustos ang magulang sa pagpapabinyag ng kanilang supling ito, kanilang dinadala siya sa simbahan upang binyagan. Dito bibigkasin ng Pari ang ganito: "Sa Ngalan ng Ama, ng Anak, ng Espiritu Santo, ikaw (pangalan ng binibinyagan) ay binibinyagan ko, at sa araw na ito isa ka nang ganap na Kristiyano! Isang napakahalagang tanong ang sisibol dito na dapat bigyan pansin ng bawa't Kristiyano!. Papaano halimbawa kung hindi nabinyagan sa Kristyanismo ang isang bata, ano ang kanyang relihiyon? Maraming katanungan ang mag-uugat. Paano kung siya ay pumanaw na hindi nabinyagan sa Kristyanismo, saan siya pupunta sa Paraiso o sa Impiyerno? Kung susuriin ang katuruan na kung hindi ka mabinyagan hindi ka maliligtas, nangangahulugan ba ito na ang sanggol na walang bahid ng kasalanan ay mapupunta sa Impiyerno dahil lamang sa maagang pumanaw at hindi nabinyagan sa Kristyanismo? Hindi matatapos ang pagtatanong. Anong klaseng hustisya mayroon ang Diyos kung ang isang sanggol na walang kasalanan ay mabubulid sa Impiyerno? Katotohanan ang Diyos na Nag-iisa ang Siyang Pinakamakatarungan. Sa katuruang Islam hindi parurusahan ng Allah ﷻ ang isang taong walang kasalanan. Ang lahat ng bagong silang na sanggol ay itinuturing na nasa estado ng Islam … sumusunod sa bawa't kagustuhan ng Allahﷻ.

Isinalaysay ng Propeta na ang Allah ﷻ ay nagsabi: " Nilikha ko ang aking mga alipin sa tamang relihiyon, subalit iniligaw sila ng mga demonyo." Gayundin nagsabi ang Propeta, "Ang bawa't batang isinilang ay nasa kalagayan ng Fitrah[20], datapwa't ginawa siyang Hudyo, Kristiyano o pagano ng kanyang mga magulang. Katulad ng hayop na nagsilang ng normal na anak, may napansin ba kayong isinilang nang putol-putol?. Al-Bukhari and Muslim

Ang relihiyon ay nararapat na hindi itinatag ng tao. Dapat lamang na galing sa Lumikha na may higit na karapatang magkaloob sa Kanyang mga nilikha. ***Ang relihiyong tatag ng tao, sa tao makakamit ang iyong gantimpala, samantalang ang relihiyong galing sa Lumikha, sa Lumikha makakuha ng gantimpala***. Sa dami ng iba't ibang relihiyon, lahat sila ay nag-aankin ng kaligtasan. Kung hindi ka mapapabilang sa kanila, hindi ka raw maliligtas at mabibilang ka sa

[20] Isang katagang Arabik na nangangahulugan na ang lahat ng bata ay isinilang na may likas na paniniwala sa Allah at may sariling kusang pagsamba sa nag-iisang Allah lamang.

mga talunan. Ano ang kanilang batayan? Papaano na si Hesus عليه السلام, si Birheng Maria, at lahat ng hanay ng mga Propeta, hindi sila Kristiyano? Ito ba'y nangangahulugan na silang lahat ay hindi maliligtas at itatapon sa Impiyerno? Ang mga taong nagtatag ng ganitong idea at nagsabing sila'y tutungo sa Paraiso ay silang dapat itapon sa Impierno. Alam nating lahat na kailan lamang naitatag ang mga tinatatawag na relihiyon. Papaano na ang mga taong namatay na at hindi inabot ng mga bagong tatag na relihiyon?

Ang Islam ay isang tunay na relihiyon na sakop ang simula ng panahon, maging ang ngayon at hanggang sa kabilang buhay nang walang pagbabago. Ito ang tanging relihiyon sa paningin ng Allahﷻ na katanggap-tanggap sa Kanya.

"Sa Araw na ito'y pinaging-ganap Ko ang relihiyon para sa inyo, ginawang lubos ang tulong Ko sa inyo, at pinili ang Islam bilang inyong pananampalataya". *Banal na Qur'an:Al-Maidah [5]:3*

"Sinuman magnais ng relihiyon liban sa Islam, kailan man hindi ito tatanggapin sa Kanya, at sa kabilang buhay, isa siya sa mga talunan". *Banal na Qur'an :Al-imran [3]:85*

4. KALUTASAN SA MGA SULIRANIN

Ang Islam ay hindi lamang nag-uutos at nagtatakda ng mga bagay hinggil sa pagsamba sa nag-iisang Diyos. Napapaloob din dito ang mga bagay na nagbibigay ginhawa sa buhay at kalutasan sa problema ng sankatauhan. Batay sa pananalampalatayang Islam, ang Allah ﷻ ay naglaan ng mga solusyon na tutugon sa bawa't problema na haharapin ng tao. Ang ilan sa mga pangunahing problema na patuloy na umiiral ay bibigyan natin ng daan.

1. ALKOHOLISMO

Ang alkoholismo ay isang malalang pangunahing sakit na patuloy na sumisira sa moralidad at pag-unlad ng isang lipunan. Ang sakit na ito ay kalimitang lumalaganap at nakakamatay. Ipinapakilala nito ang patuloy na paglala ng walang habas na pagkunsumo ng alak[21] na nagpapabago sa pag-iisip na nagdudulot ng patuloy na paglala ng kriminalidad. Ang pagdami ng mga kaso ng pangangalunya, panggagahasa, "incest[22]" at ang pagkalat ng AIDS ay resulta ng pag-inom ng alak. Sa Amerika ay may 1,900 kaso ng panggagahasa ang nagaganap sa bawa't araw. Ang istatisko ay itinuturo na karamihan sa mga gumagawa ng panggagahasa ay nasa ilalim ng impluwensya ng alak habang ginagawa ang krimen. Dulot din nito ang mga pang-aabuso at pangangalunya. Ayon sa istatistiko, 8% ng Amerikano ay nakagagawa ng incest, halimbawa isa sa bawat labindalawang tao sa Amerika ay sangkot sa incest. Ang lahat ng mga kaso ng incest ay dahil sa pagkalasing ng isa o kapwa lango sa alak ang biktima at ang salarin. At isa sa pinakamalaking dahilan sa paglaganap ng **AIDS**[23] ay ang alkoholismo.

Ang ***Islamic Research Foundation*** ay nagpalathala sa isang pampleto na nagsasabing: Kung ang alak ay isang sakit, ito ang natatanging sakit na ibebenta sa bote, ipinakikilala sa mga pahayagan, magasin, radyo at telebisyon. May pahitulot na ikalat ito, nagbibigay ng kita sa gobyerno sa pamamagitan ng buwis, nagbibigay ng kamatayan sa mga kalsada, sinisira ang pamilya at pinapalala ang kriminalidad – **MAGKAGAYON ANG ALKOHOLISMO AY HINDI ISANG SAKIT BAGKUS ISANG GAWA NI SATANAS!**

Ang Allah ﷻ ay nagbabala sa atin laban sa ganitong gawa ni Satanas. Ang Islam ay tinatawag na *Deen-ul-Fitrah* o isang likas na relihiyon ng tao. Ang lahat ng mga layunin nito ay nakatuon

[21] Sa Pilipinas naitala na may 1.25 billion liters na konsumo ng alak na naitala noong 1998 ayon sa statistiko.

[22] Pakikipagtalik sa sariling kadugo (maaaring ito ay sariling ina, ama, anak, kapatid o kung saan ang kanilang pagsasama ay hindi pinahihintulutan)

[23] AIDS – Acquired Immune Disease Syndrome (isang mapanganib na sakit na wala pang makitang lunas.

sa pagpapanatili ng likas na estado ng tao. Ang alak ay isang paglilihis sa likas na estado ng tao, hindi lang sa iisang indibidwal bagkus maging sa lipunan. Nagpapababa ito sa antas ng tao na mababa pa sa hayop bagaman ang tao ay may likas na kahigtan. Dahil dito, ang alak ay mahigpit na ipinagbabawal sa katuruang Islam.

Ang Allah ﷻ ay sinabi sa Banal na Qur'an:

"O kayong mananampalataya! Ang khamr (lahat ng uri ng inuming nakalalango), pagsugal, at Al-Ansab (mga hayop na kinatay bilang alay sa diyus-diyusan), at Al-Azlam (palasong ginagamit sa paghahanap ng kapalaran at pasiya) ay pawang mga karumal-dumal na gawa ni Satanas. Kung kaya't iwasan (ang lahat ng mga) ito upang kayo ay maging matagumpay." *Banal na Qur'an: Al-Maidah [5]:90*

Maging ang Biblia ay nagbabawal din dito:
Huwag kayong maglalasing, sapagka't nakasisira iyon ng maayos na pamumuhay, sa halip ay sikapin ninyong mapuspos kayo ng Espiritu. (Mga Taga-Efeso 5:18)

Ang isang bansa na nasa ilalim ng batas ng Allah ﷻ ay nagbabawal sa pag-aangkat, pag-gawa at pagbebenta ng alak. Sa Islamikong Bansa ang paggawa ng alak ay itinuturing na isang krimen at may malaking kaparusahan. Dahil dito ang krimen ay higit na mababa kaysa sa mga lipunan o bansa na ang alak ay patuloy na tinatangkilik.

2. PAGTAAS NG BILANG NG KRIMEN

Sa bawa't 19 na segundo ay may nagaganap na krimen sa Amerika. Ang pagpatay ay natatala sa bawa't 30 minuto. May mga panggagahasa sa bawa't 5 minuto. Isang kaso ng pagnanakaw sa bawa't minuto at pagsalakay na may kasamang pananakit sa bawa't 30 segundo[24]. Ito ang nakalulungkot na istatistiko ng isang pangunahin at sinasabing maunlad na bansa. Kung tutuusin ang eksaktong bilang ay higit na mataas dahil ang aktuwal na insidente ng karahasan ay mas mataas kaysa sa mga naiulat na kaso. Kaya ang panggagahasa ay may aktuwal na humigit kumulang na 1.7 minuto bawa't araw. Ang pagsalakay na may kasamang pananakit ay mga 17 segundo bawa't araw, at ang pagnanakaw ay nagaganap isa sa bawa't 33 segundo.[25] Ang iba ay nagsasabi na ang ganitong krimen ay nagaganap daw sanhi ng kahirapan. Pagtuunan natin ng pansin ang mga sumusunod: Ang Estados Unidos ay patuloy na masagana sa mga nakaraang dekada ngunit ang pagtaas ng krimen ay hindi bumababa, bagkus tumaas. Ang Estados Unidos bilang isa sa pinakamayamang bansa, kung tutuusin, ay dapat na may pinakamababang bilang ng krimen sa buong mundo, ngunit hindi ito ang nakikita. Sa kabilang banda, marami ding bilang ng mga mahihirap na lipunang Muslim na may pagpapahalaga sa Islam na nakakagulat na may mababang bilang ng krimen. Sa kasamaang palad, ang Estados Unidos sa ngayon ay siyang may pinakamataas ng mga bilanggo sa bilang na 690 sa bawa't 100,000 populasyon.[26] (Natala na may 5.9 milyon na Amerikano ang nasa piitan o dili kaya'y nasa ilalim ng pamamahala ng pulisya sa taong 1999.)[27] Maging ang bansang Pilipinas ay hindi ligtas sa paglala ng ganitong uri ng krisis sa lipunan.[28]

Ang tunay na ugat ng problema ay masalimuot at ang pinaka-ugat ay ang kawalan ng tunay na pagkilala at paniniwala sa batas ng nag-iisang Allah ﷻ na siyang nagdudulot ng isang krisis sa isang lipunan. Ang Allah ﷻ ay nagwika sa Banal na Qur'an:

---

[24] U.S. Census Bureau, Statistical Abstract of the United States (SAUS) Table #342. Source: U.S. FBI. Derived from 1997 numbers.
[25] SAUS #353. Source: US Bureau of Justice Statistics, Criminal Victimization. Derived from 1997 numbers.
[26] Roy Walmsley, World Prison Population List. http://www.homeoffice.gov.uk/rds/pdfs/r88.pdf
[27] #2.1: http://www.cnn.com/US/9908/22BC-CRIME-USA-OFFENDERS.reut/ August 22, 1999 "Number of U.S. offenders reaches record 5.9 million." Source: Bureau of Justice Statistics.
[28] Kriminalidad sa Pilipinas na naitala ayon sa bilang ng naiulat na krimen na sa bawa't 100,000 na populasyon ay may 8.3% na krimen nagaganap bawa't buwan sa taong 2001 base sa MIMAP Database (Source: Philippine National Police)

"At Aming ipinadala sa iyo (O Muhammad) ang Kasulatan ng katotohanan, nagpapatotoo sa mga nauna pang kasulatan, at saksi (sa kabanalan ng mga ito).Kayat husgahan sila sa kung ano ang ipinahayag ng Allah ﷻ, at huwag sundin ang mga walang saysay nilang kagustuhan, na lumilihis sa katotohanan na dumating sa iyo. Sa bawat isa sa inyo ay nagtakda Kami ng kautusan at maliwanag na daan. Kung ninais ng Allah ﷻ, ginawa Niya kayong iisang bansa. Ngunit (angKanyang plano ay) upang bigyan kayo ng pagsubok sa Kanyang ipinagkaloob sa inyo. Kayat magpaligsahan sa mga mabubuting gawa. Ang balik ninyo ay sa Allah ﷻ. At pagkatapos ay Kanyang ipabatid sa inyo ang tungkol sa inyong pinagtatalunan noon:" *Banal na Qur'an: Al-Maidah [5]:48*

Ang pagpatay ay isang malaking kasalanan sa Islam, nagbabala ang Allah ﷻ sa Banal na Qur'an:

"Ni huwag kumuha ng buhay na ginawa ng Allah ﷻ na sagrado, maliban sa isang matuwid na pakikipaglaban. At kung sinuman ang magkamaling makapatay, binigyan Namin siya ng karapatan (na humingi ng Qisas[29] o magpatawad) ngunit hindi dapat sosobra sa tinakda na hinihingi na kabayaran sa pagkitil ng buhay; dahil siya ay tutulungan (ng Batas). *Banal na Qur'an:Al-Ashra [17]:33*

Sa isang Islamikong Bansa na ang batas ay naayon sa katuruan ng nag-iisang Diyos, ang mga mamamayan ay ligtas sa mga krimeng pangkaraniwang nangyayari sa mga bansang nagpapairal ng batas ng tao.

3. DISKRIMINASYON SA LAHI, ANGKAN AT KATAYUAN

Ang kasaysayan ay lagi nang kasama ang paghahangad ng tao na maging higit sa iba, maging ito ay sa kulay ng balat, angkan o lahi, pinag-aralan, lugar na nilakihan o maging sa panlabas na pangangatawan.[30]

Kadalasan iyong mga maliliit o mahihirap ay siyang itinuturing na mababang uri, mahina ang pag-iisip at hindi karapatdapat na maging kasamahan – ito ang rasismo o ang pagtuturing sa sarili o isang grupo na sila ay may kahigtan kaysa sa iba. Masdan ang tinatawag na "white policy" na isang programa na pumipigil sa pag-migrate sa Australia, o ang "apartheid" sa South Africa, na kung saan ang mga katutubo ay hindi maaaring uminom sa inuman ng mga puti. Sa Britanya, mahigit na 75% na kaso ng "racial murders" ay mga Muslims ang biktima. Wala silang proteksyon sa ilalim ng batas hindi katulad ng Hudyo, Rastafrains at Sikhs.

Sa ilalim ng pananalampalatayang Islam, ang rasismo ay binigyan ng kalutasan at ganap na pinawalang-saysay. Ang pagbebenta ng babae na parang kalakal ay inalis. Inilantad sa kahihiyan ang mga nagsasabing ang kanilang lahi ay higit kaninuman. Pinarusahan ang mga lumalabag dito na naging dahilan ng pagbukas ng puso ng marami, at humanga maging ang mga kaaway ng Islam.

Sa katunayan ang Allah ﷻ ay nagbigay ng paliwanag sa pagkakaibaiba ng mga kulay ng balat at salita.

"At kabilang sa Kanyang mga Tanda, ang pagkalikha sa mga kalangitan at sa lupa, at ang pagkaiba ng inyong mga wika at ang inyong kulay. Katotohanan, sa mga yaon ay tanda doon sa may mga mainam na kaalaman." *Banal na Qur'an:Al-Rum [30]:22*

Kung ang mga mahihirap ay itinuring na mga mababang klase, ang Propeta ng Allah ﷺ ay inatasan na gawin silang mga kasama.

[29] *Qisas*, salitang Arabik na ang pinakamalapit na kahulugan ay kabayaran sa pagkitil ng buhay [blood money].
[30] Kinuha mula sa artikulo ni Muhammad Abdel-Nasir, Nidau'ul Islam, 16th Issue, "Racism: An Islamic Response"

"Ang Allah ﷻ ay hindi tumitingin sa iyong kaanyuan, o kayamanan, bagkus sa inyong mga puso at gawa." [Ibn Majah]

Nang si Abu Dharr ay tinawag si Bilal "O anak ng maitim na babae, " ay agad siyang pinagalitan ng Propeta (sas) at sinabi, "Katotohanan, isa kang tao na may taglay pa ring kamangmangan". Siya si Bilal bin Rabah ؓ na dating alipin, tagatawag ng Salah, tinitipon ang tao na magdasal ng limang beses maghapon, ang pinagpala na tumawag ng Athan sa unang pagkakataon.

Maging sa politikal na aspeto ang Propeta Muhammad (sas) ay nagsabi: "*Sundin ninyo ang inyong pinuno, kahit pa itim na alipin ang mamumuno sa inyo."*

Ang karapatang mamuno ay iniaatas doon sa mga pinagkalooban ng tamang katuruan at hindi sa antas ng katayuan, kulay o lahi.

Ang ilang mga kilalang personalidad na yumakap sa pananalampalatayang Islam ay nagpahiwatig ng ganito:

"Ang Hajj sa Mecca ay isang nakasisiyang karanasan na makita ang mga tao na kabilang sa iba't ibang kulay, lahi at nasyonalidad, hari, mga pinuno ng bansa at ordinaryong tao mula sa mahihirap na bansa ay nakasuot ng dalawang simpleng puting tela na nagdarasal sa iisang Diyos nang walang ano mang halong pagmamataas o pagmamalaki. Ito ay tunay na kaganapan ng konsepto ng pagkakapantay-pantay sa Islam." ***Cassius Clay, ngayon ay Muhammed Ali.***

"Hindi ko kailanman nasaksihan ang ganitong tapat na pakikitungo at nag-uumapaw na pakiramdam ng tunay na kapatiran na isinasagawa ng mga taong ibat iba ang kulay at lahi dito sa Banal na Lupa, ang tahanan ni Abraham, Muhammed, at lahat ng iba pang mga Propeta ng Banal na Kasulatan. Sa mga nakaraang linggo, ako ay hindi makapagsalita at manghang-mangha sa kabutihang ipinapakita ng lahat nang nasa aking paligid na mga taong iba't iba ang kulay."

"Kailangan ng Amerika na maunawaan ang Islam, dahil ito ang nag-iisang relihiyon na binubura sa lipunan ang problema ng rasismo.' ***Al-Hajj Malik El-Shabazz" (Malcolm X)***

Maging ang kilalang Heneral na Pranses ay nagpahayag ng paghanga sa batas ng Islam:

"Inaasahan ko na hindi magtatagal na magawa kong pag-isahin ang lahat ng matatalino at may pinag-aralang tao ng lahat ng bansa at magtatag ng iisang rehimen na ayon sa mga prinsipyo ng Qur'an na nag-iisa sa katotohanan at tanging makapaghahatid sa tao sa kasiyahan" ***Napoleon Bonaparte***

Ang Islam ay solusyon sa tinatawag na rasismo dahil ang Islam ay batas ng Allah ﷻ, ang Lumikha sa Tao, at hindi isang gawa-gawa lamang ng tao na kalimitan ay ayon sa kanyang pangangailangan at kagustuhan ng isang partikular na lahi.

Ang Banal na Qur'an ay nagsabi:

"O Sangkatauhan! Katotohanan, Kami ang lumikha sa inyo, mula sa isang lalaki at babae, at ginawa naming kayong mga nasyon at tribo, upang kayo ay magkakila-kilala. Tunay, ang pinakamainam sa inyo sa paningin ng Allah ﷻ, ay iyong pinakabanal mula sa inyo."
Banal na Qur'an:Al-Hujurat [49]:13

Sa isang hadeeth ay ganito naman ang sinasabi*:*

"Lahat ng tao ay pantay sa Islam, ang isang Arabo ay hindi nakahihigit sa hindi Arabo, o ang isang hindi Arabo sa isang Arabo, at matakot sa Allah ﷻ."

PANGHULING PANANALITA

Ang paglalahad na aking isinagawa ay isang malayang pagbubunyag ng mga katotohanang iiwanan sa bawa't mambabasa kung ano ang **HUWAD** at kung ano ang **TUNAY**. Bigyan natin ng pagkakataon ang ating mga sarili upang unawain ang mga bagay-bagay hinggil sa kinabibilangang pananalampalataya. Suriin kung ang mga katangiang nabanggit ng isang Tunay na Relihiyon ay napapaloob sa kinabibilangang relihiyon. Bilang isang matapat na nagsasaliksik ng katotohanan, ang mga nabanggit na batayan at pamamaraan sa pagkilatis ng katotohanan hinggil sa tunay na relihiyon ay mabisang pamamaraan upang ang pagkilala at pagtangkilik sa tunay na relihiyon ay madaling maunawaan. Huwag hayaang mamayani sa sarili ang kasinungalingan.

At ipahayag: "Dumating na ang katotohanan, at naglaho na ang kasinungalingan. Katotohanan. Ang kabulaanan ay nakatakdang maglaho*." Banal na Qur'an :Al-Isra [17] :81*

At malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa iyo. Juan 8:32

Iisa lamang ang Diyos na Lumikha, at iisa lamang ang kanyang relihiyong ipinagkaloob sa sangkatauhan. Ito ang pagsunod, pagsuko at pagtalima sa Kanyang kalooban. Magkagayon ang paniniwala sa nag-iisang Diyos ay kasunod ng pagsasagawa ng mga gawaing pagsamba na naayon lamang sa Kanyang nais. Ang pagsambang ayon sa sariling kagustuhan ay tinatalikuran sa Islam.

Anumang uri ng pagsamba ay nararapat na naaayon sa kagustuhan ng nag-iisang Diyos- ang Allahﷻ. Tanging ang mga aral at turo ng Kanyang mga Sugo at Propeta ang nagsisilbing pamantayan upang matiyak ang pagsunod sa kagustuhan ng Allah ﷻ. Ang pagsunod sa bawa't sariling kagustuhan at kuru-kuro ang siyang nagbukas ng pinto sa pagkalat ng iba't ibang pananalampalataya. Ang Allah ﷻ lamang ang may karapatan at kakayahang gumawa ng mga batas sa Kanyang mga nilikha, dahil higit Niyang nalalaman ang kalikasan at kahihinatnan ng tao sa mundo[31].

Ang pagkilala sa nag-iisang Diyos ay siyang tanging susi tungo sa **Paraiso**. Ang magtakwil nito, matapos ipahayag ang katotohanan, ay walang puwang sa **Paraiso** bagkus isang malagim na **Impiyerno** ang patutunguhan.

Sabihin doon sa mga nagtatakwil sa pananalampalataya: "Malilipol at titipunin kayo sa Impiyerno at tunay na napakasama ang hantungang yaon!" *Banal na Qur'an : Al-Imran [3]:12*

Sa mga mambabasa, nasa inyo ang pasiya upang pag-isipan ang mga bagay na tinalakay, ang mga batayan, at ang pagkamakatotohanan ng mga ito. Patuloy ang paanyaya sa inyo na manumbalik sa likas na pananampalataya --- ang Islam. Gamitin ang talino at pang-unawa na siyang sasaksi sa atin sa Huling Araw. Isipin ang katanungan : ***Ano nga ba ang Huwad at ano nga ba ang Tunay na Relihiyon*** ?" Inyong sundin ang kaalaman kaysa sa mga tradisyong namana. Ang kaligtasan ay nasa Islam. Nasasaad sa Banal na Qur'an:

"Sinuman ang maghangad ng ibang relihiyon maliban sa Islam (pagsuko sa Allah), kailanman ay hindi ito tatanggapin sa kanya; at sa Kabilang Buhay siya ay mabibilang sa hanay ng mga talunan.". *Banal na Qur'an: Al-Imran [3]:85*

[31] Ang batas na gawa ng tao ay hindi kayang sagutin ang pangangailangan ng tao sa lahat ng kalagayan at panahon. Ito ay nagbabago ayon sa pasiya at pagnanais ng iilan, at ayon lamang sa kasalukuyang kalakalan. Kaya't masasabi nating ito ay pabago-bago at hindi kailanman mapapairal sa buong sangkatauhan, at sa lahat ng panahon.

PASASALAMAT

Alhamdu Lillah ako ay taos pusong nagpapasalamat sa aking mga kapatid sa pananampalataya sa kanilang pagsuporta at matiyagang pamamatnugot upang ang maikling babasahing ito ay maisakatuparan. Insha Allah ipagkaloob nawa ng Allah ﷻ ang mainam na gantimpala sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

Bro. Khalid Evaristo
Bro. Ahmad Jibreel Salas
Bro. Yusuf Butucan
Bro. Abdulrahman Manikan
Bro Abdulhaliq Saripada

Jazak Allahu Khairan!

MGA PINAGKUNAN

1. Banal na Qur'an
2. Saheeh Bukhari
3. Saheeh Muslim
4. The Holy Bible (New International Version)
5. Merriam Webster Collegiate Dictionary

The Cooperative Office for Call & Guidance
At Al Dir-iyah, Riyadh, K.S.A.
Tel.: 484-1907 / 224-0811, Fax: 2240811

AFIA, INC. – PHILIPPINES
AL FURQAN ISLAMIC ASSOCIATION, INC.
Website: www.afiainc.org
E-mail: info@afiainc.org

ISCAG-PHILIPPINES
Islamic Studies Call & Guidance – Philippines
Salitran 1, Dasmariñas, Cavite
Tel.: 046-416-3371, Fax: 046-4163629